**DALUMAT**
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

# Pagsusuri ng mga Artikulong Balita sa mga Pampaaralang Pahayagan sa Lalawigan ng Tarlac

Oliver M. Olar
Pangasinan State University
Olaroliver24@gmail.com

Petsa ng Pagsumite:
**Marso 22, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:
**Abril 25, 2026**

Petsa ng Paglathala:
**Mayo 19, 2026**

DOI:
**10.5281/zenodo.20290568**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong suriin ang kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan ng limang pampublikong mataas na paaralan sa Lalawigan ng Tarlac mula taong 2022 hanggang 2026. Gamit ang disenyong *document analysis*, sistematikong sinuri ng mananaliksik at dalawang eksperto ang mga artikulo sa tulong ng analitikong rubrik na sumasaklaw sa limang aspekto: nilalaman, organisasyon, bokabularyo, paggamit ng wika, at etikal na pamantayan. Ginamit ang *mean* upang ilarawan ang pangkalahatang kalidad ng mga sulatin, samantalang tematikong analisis naman ang inilapat sa mga komento ng mga tagasuri upang matukoy ang mga kalakasan ng mga artikulong nakakuha ng pinakamataas na marka. Natuklasan sa pag-aaral na ang kabuoang kalidad ng mga artikulong balita ay nasa antas na "Napakahusay" ($mean = 4.56$). Nakapagtala ng pinakamataas na marka ang etikal na pamantayan (4.86), na sinundan ng paggamit ng wika (4.55) at bokabularyo (4.54), na nagpapakita ng mataas na kasanayang lingguwistiko at responsableng pamamahayag ng mga mag-aaral. Samantala, ang nilalaman (4.48) at organisasyon (4.35) ay nasa antas na "Mahusay," na nagpapahiwatig na may puwang pa para sa pagpapabuti sa estruktura at presentasyon ng mga ideya. Bilang tugon sa mga natukoy na pangangailangang ito, nabuo ang mungkahing planong gawaing "TINTA'T TALAS: Planong Gawain sa Pagpapapaunlad ng Kalidad ng Artikulong Balita" na naglalayong higit pang mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa estruktura at nilalaman ng balita. Sa kabuoan, bagaman mataas ang kahusayan ng mga mag-aaral sa etikal at lingguwistikong aspekto, iminumungkahi ang patuloy na pagsasanay upang lalong mapatibay ang nilalaman at organisasyon ng kanilang mga sulatin.

**Mga Susing Salita**: *Pampaaralang Pahayagan, Artikulong Balita, Pamamahayag sa Kampus, Pagsusuri ng Dokumento, Kalidad ng Pagsulat, Lalawigan ng Tarlac, Paggamit ng Wika, Etikal na Pamantayan*

## INTRODUKSIYON

### Kaligiran ng Pag-aaral

Sa makabagong panahon ng impormasyon at teknolohiya, ang pamamahayag ay patuloy na nagiging pangunahing sandigan ng komunikasyon, edukasyon at boses ng lipunan. Ito ay nagsisilbing instrumento upang magbigay aral at kamalayan sa mga napapanahong isyu at mahahalagang pangyayaring na nagaganap sa bansa. Ayon kay Abad-Dadayan (2020), isa ito sa mga haligi ng pundasyon ng lipunan sapagkat nagbibigay ito ng impormasyon na tumutulong sa paghubog ng opinyon ng publiko at sa paghikayat sa mamamayan na makibahagi sa mas mataas na antas ng panlipunang pananagutan.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Sa kontekstong paaralan, ang pampaaralang pahayagan ay itinuturing na mahalagang medyum at daluyan ng komunikasyon sa loob ng isang institusyong pang-edukasyon. Sa pamamagitan nito, naipapamalas ng mga mag-aaral ang husay sa kasanayang pagsulat batay sa mga napapanahong balita at mga mahahalagang pangyayari sa loob ng paaralan. Bukod pa rito, naipahahayag ng mga mag-aaral ang kanilang pananaw, naihahatid ang mahahalagang impormasyon, at napauunlad ang kanilang kasanayan sa pamamahayag at kritikal na pag-iisip. Ayon kina V. Chavez et al. (2024), ang pamahayagang pangkampus ay nagsisilbing mahalagang pundasyon para sa pagkatuto, paghubog ng pagpapahalaga, at disiplina. Pinauunlad nito ang iba't ibang kakayahang pampanitikan, panlipunan, at akademiko ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng kulturang ito ang kahalagahan ng katotohanan, panlipunang pagbabago, at epektibong komunikasyon—hindi lamang sa loob ng paaralan kundi maging sa mas malawak na komunidad.

Ayon sa Republic Act No. 7079, o mas kilala bilang Campus Journalism Act of 1991, layunin ng pamahalaan na "itaguyod at paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng pamamahayag at tiyakin ang kalayaan sa pagpapahayag sa loob ng mga institusyong pang-edukasyon" (R.A. 7079, Sec. 2). Sa pamamagitan ng batas na ito, kinikilala ng estado ang mahalagang papel ng pampaaralang pahayagan bilang tagapagsulong ng malayang talakayan, tagapaghatid ng impormasyon, at tagapagsanay ng mga kabataang mamamahayag.

Dagdag pa rito, binibigyang-diin ng batas na ang pampaaralan na pahayagan ay hindi lamang isang aktibidad na sinasalihan ng mga mag-aaral kundi isang daluyan ng edukasyon at pagpapalaganap ng demokratikong prinsipyo. Sa ganitong konteksto, mahalagang suriin ang kalidad, nilalaman, at etikal na pamantayan ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang publikasyon upang matiyak na ang mga ito ay tunay na naglilingkod sa layunin ng batas—ang paglinang ng kabataang mamamahayag na may integridad at pananagutan sa lipunan.

Bilang tugon dito, inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon ang DepEd Order No. 94, s. 1992, na naglalaman ng Implementing Rules and Regulations (IRR) ng nasabing batas. Nilalaman ng kautusang ito ang mga tiyak na alituntunin at gabay sa pagpapatupad ng Campus Journalism Act, kabilang ang pagtatatag ng Division, Regional, at National Schools Press Conference bilang mga platapormang magsasanay at kikilala sa mga batang mamamahayag (Department of Education [DepEd], 1992). Ayon sa kautusan, ang pampaaralang pahayagan ay dapat magsilbing daluyan ng edukasyon, pagkamalikhain, at pananagutan, kung saan ang mga mag-aaral ay natututo hindi lamang magsulat, kundi magpahayag ng makatotohanan at makabuluhang impormasyon. Mapapansin na ang pampaaralang pahayagan ay hindi lamang umiikot mismo sa paaralan kung hindi nagiging daan ito upang maipahayag kani-kanilang boses at husay sa pagsulat sa iba't-ibang patimpalak o mga Press Conferences. Isang patunay na hindi lamang sa isports maaaring bumida ang mga mag-aaral kung hindi sa husay sa pagsulat na maaring maging tulay sa magandang kinabukasan sa larangan pamamahayag.

Ang artikulong balita ay isang uri ng sulating pampahayagan na naglalayong mag-ulat ng mga makatotohanan, napapanahon, at makabuluhang pangyayari sa paraang obhektibo at tumpak. Ayon kay Sevilla (2018), ang artikulong balita ay isang ulat hinggil sa mga pangyayaring may kaugnayan sa interes ng publiko, na nagtataglay ng mga pangunahing sangkap ng balita gaya ng sino, ano, saan, kailan, bakit, at paano (5W's and 1H). Ayon naman kina Macaraeg at De Torres (2020), ang artikulong balita ay nagsisilbing pangunahing daluyan ng impormasyon sa pamamahayag, kung saan layunin nitong ipabatid sa madla ang mga mahahalagang kaganapan sa lipunan sa malinaw, maikli, at tapat na paraan.

Sa mabilis na pagbabago ng paraan ng pagsulat ng mga balita dala ng impluwensya ng iba't ibang teknolohiya at artipisyal na intelihensya, malaking hamon ngayon sa pamamahayag ang kawastuhan, maasahan at makatotohanang nilalaman at impormasyon ng mga balita. Ayon sa mga pag-aaral, patuloy na lumalawak ang pagkabahala sa mga karaniwang pagkakamali ng mag-aaral na mamamahayag sa mga pahayagang pangkampus, tulad ng factual inaccuracies, gramatikal na pagkakamali, at pagkiling sa pagsusulat, na bumababa sa kalidad at kredibilidad ng mga publikasyon (Smith, 2020). Ang kakulangan ng mga programang pagsasanay at akmang mapagkukunan ay pangunahing hamon, na madalas hindi natutugunan ang pangangailangan ng mga baguhang manunulat (Brown & Wilson, 2019). Ang mga mag-aaral manunulat ay humaharap sa hamon ng digital journalism, fact-checking, at ethical reporting (Santos & Villanueva, 2021). Kung kaya't, mahalagang pagtuunan ng pansin ang kredibilidad ng isang pahayagan sa pamamagitan ng impormasyong nakalahad rito at teknikalidad sa pagsulat na makapagpapataas sa kalidad ng papel.

Ayon kay Reyes (2019) sa kanyang pag-aaral, bagaman may mga patimpalak at pagsasanay na ibinibigay para sa mga batang mamamahayag, kulang pa rin ang sistematikong pagsusuri sa nilalaman at kalidad ng mga artikulong nalalathala sa mga pampaaralang pahayagan. Kadalasan, nakatuon lamang ang pagsusuri sa teknikal na aspeto ng pagsulat tulad ng balangkas, balarila, at estilo, ngunit napag-iiwanan ang pagsusuri sa nilalaman, balanse ng pananaw, at antas ng pagiging obhektibo ng mga balita.

Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Dela Cruz (2020) sa kanyang pananaliksik na marami sa mga pampaaralang pahayagan ang hindi pa ganap na nakasusunod sa mga pamantayan ng propesyonal na pamamahayag gaya ng tamang paggamit ng sanggunian, kalidad ng balita, at etikal na pamantayan. Lumalabas din sa kanyang pag-aaral na madalas ay kulang sa pagsasanay at gabay mula sa mga tagapayo ng pahayagan ang mga batang manunulat, dahilan upang maging limitado ang saklaw ng mga isyung tinatalakay sa kanilang mga artikulo.

Ang pagsusuri ng artikulong balita ay sa mga pampaaralang pahayagan ay isang napakahalagang gawain upang makilala ang kahinaan at kalakasan ng isa pahayagan at kung paano ito nagbibigay karangalan sa isang manunulat, tagapayo at paaralan. Sa mga patimpalak tulad ng Division, Regional, at National Schools Press Conference sa ilalim ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), ang pagsusulat at pagsusuri ng balita ay sinusuri ayon sa mahigpit na pamantayang jornalistikong pamamaraan. Ayon naman sa pag-aaral n Reyes (2019), ang mga teknik na ito ay hindi lamang nagdudulot ng pagkapanalo sa mga patimpalak, kundi nagiging daan din sa paglinang ng mga mag-aaral bilang kritikal na manunulat at tagapagtaguyod ng katotohanan.

Dagdag pa rito, ipinapakita ng mga pananaliksik (Pacaldo, 2020; Dela Cruz, 2021) na ang mga mag-aaral na aktibo sa pampaaralang pahayagan ay mas mataas ang antas ng kritikal na pag-iisip, kasanayan sa wika, at kakayahan sa analitikal na pagsulat, na nagiging pundasyon sa pagkamit ng parangal sa larangan ng pagsusulat ng balita.

Sa pagsusulat ng balita at lathalain ay nagpakita na mas mataas ang antas ng pagkakamali sa pagsusulat ng balita, partikular sa sintaktikal at ortograpikal na aspeto. Bagaman sapat ang kasanayan ng mga mamamahayag pangkampus sa organisasyon at bokabularyo sa pagsusulat ng balita, kinakailangan pang pagbutihin ang nilalaman, paraan ng pagsulat, at paggamit ng wika upang higit na mapataas ang kalidad ng kanilang sulatin. Ang kakulangan sa teknikal na aspeto ng pagsusulat ay nangangailangan ng

higit pang pagsasanay at gabay mula sa mga guro at tagapagsanay sa pamamahayag (Donasco, M. J. A., & Altaya, G. C., 2025).

Sa kabuuan, malinaw na ipinakita na ang pampaaralang pahayagan ay maituturing na napakahalagang gawain sa paaralan upang mahubog ang kasanayan, kamalayan, at pananagutan ng mga mamamahayag. Inilahad sa mga batas, Kagawaran ng Edukasyon at mga mungkahi mula sa iba't ibang pag-aaral na may makabuluhang ambag sa sa edukasyon at komunikasyon ito sa paaralan. Gayunpaman, isang napakalaking hamon pa rin ang pagsusuri ng kalidad, katumpakan at etika ng mga artikulong balita ay isang mahalagang aspeto na kailangang bigyan ng pansin Sa harap ng makabagong teknolohiya at mabilis na pag-usbong ng impormasyon, kinakailangan ang masusing pagsusuri, wastong gabay, at tuloy-tuloy na pagsasanay upang matiyak na ang mga mag-aaral ay magiging responsable, mapanuri, at epektibong tagapaghatid ng katotohanan sa larangan ng pamamahayag.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay may layuning suriin ang mga artikulong balita ng mga pampaaralang pahayagan sa mga pampublikong paaralan sa Lalawigan ng Tarlac, partikular na sa mga isyu ng publikasyon mula 2022 hanggang 2026. Nakatuon ito sa pag-alam sa antas ng kalidad, katumpakan, at etikal na pamantayan ng mga artikulong balita na nailalathala sa kanilang sariling publikasyon.

Nilalayon nitong masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan sa mga pampublikong paaralan batay sa mga sumusunod na aspekto:

    a. nilalaman;

    b. organisasyon;

    c. bokabolaryo;

    d. paggamit ng wika; at

    e. etikal na pamantayan sa pamamahayag?

2. Ano-ano ang mga kalakasan ng mga artikulong balita batay sa isinagawang pagsusuri ng mga eksperto?

3. Anong mungkahing planong gawain ang mabubuo ayon sa resulta ng pag-aaral?

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat nagbibigay ito ng masusing pagsusuri sa nilalaman, kalidad, at etikal na pamantayan ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan sa Bayan ng Tarlac:

**Mga Mag-aaral na Mamamahayag,** ang pag-aaral na ito ay lubos na makatutulong upang higit na maunaawan ang mga pamantayan sa pagsulat ng mga artikulong balita, kaakibat nito ang pagsasaliksik ng mga mapagkakatiwalaang sanggunian, maayos na estrutura ng balita at mapanatili ang kalidad ng artikulo sa isang malaya at mabisang pamamahayag sa paaralan.

**Mga Guro at Tagapayo ng Pampaaralang Pahayagan,** ang resulta ng pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay at sanggunian upang maitatag ang mas epektibong paraan sa paglilinang ng kakayahan ng mga manunulat sa pagsulat. Kaya naman, mahalagang mabigyan ng sapat na panahon sa pagsasanay at pagtuturo ang mga mamahayag upang matiyak ang kalidad ng balita at sumunod sa pamantayang propesyonal ng pamamahayag.

**Mga Administrador ng Paaralan,** makatutulong ang pag-aaral na ito sa pagkilala ng kahalagahan ng pahayagang pampaaralan bilang kasangkapan ng daluyan ng demokratikong pagpapahayag. Maari itong maging daan upang maging batayan sa paglalaan ng sapat na suporta at pondo sa mga publikasyon ng pahayagahan.

**Kagawaran ng Edukasyon (DepEd),** ito ay magsisilbing matibay na ebidensya sa pagpapatuloy na pagpapaunlad ng pampaaralang pahayagan program na isinusulong sa ilalim ng Campus Journalism Act of 1991. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga artikulong balita, maaaring matukoy ng kagawaran kung gaano kaepektibo ang implementasyon ng mga patakarang ito sa mga paaralan, partikular sa pagtuturo ng responsableng pamamahayag.

**Mga Mananaliksik at Akademiko,** nagbibigay ito ng karagdagang kontribusyon sa larangan ng literasi sa midya at komunikasyong pang-edukasyon, partikular sa pagsusuri ng mga nilalamang nalilikha ng kabataang mamamahayag. Maaari rin itong magsilbing gabay para sa mga susunod pang pag-aaral tungkol sa kalidad ng kampus na pamamahayag sa panahon ng digital na medya.

**Saklaw at Delimitasyon ng Pagaaral**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng kalidad ng mga artikulong balita na nalalathala sa pampaaralang pahayagan ng limang (5) pampublikong mataas na paaralan sa Lalawigan ng Tarlac; Camiling School for Home Industries (CSHI), Camiling, Tarlac; Corazon C. Aquino High School (CCAHS), Gerona, Tarlac; Padapada National High School (PNHS), Sta. Ignacia, Tarlac; San Pedro National High School (SPNHS), Moncada, Tarlac; at Tarlac National High School (TNHS), Tarlac City, Tarlac. Saklaw ng pagsusuri ang mga artikulong balitang nalathala sa mga isyu ng kanilang pampaaralang publikasyon mula 2022 hanggang 2026.

Nilalayon ng pananaliksik na matukoy ang antas ng kalidad ng mga artikulong balita batay sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo, paggamit ng wika, at pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa pamamahayag. Kasama rin sa saklaw ng pag-aaral ang pagsusuri sa antas ng pagkakasundo ng mga tagasuri sa kanilang pagtataya upang matiyak ang obhektibo at konsistent na pagsusuri. Batay sa resulta ng pag-aaral, layon ding makabuo ng mungkahing pagsasanay na makatutulong sa paglinang at pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng artikulong balita.

Sa kabilang banda, nililimitahan ang pag-aaral sa mga nabanggit na pampublikong mataas na paaralan lamang at hindi kabilang ang mga pribadong paaralan. Sakop lamang ng pagsusuri ang mga

artikulong balita at hindi isinama ang iba pang anyo ng sulating pampahayagan tulad ng editoryal, lathalain, pampalakasan, pang-agham, kartung editoryal, at panitikan. Hindi rin isinama sa pag-aaral ang pagsusuri sa personal na katangian ng mga manunulat gaya ng edad, kasarian, antas ng baitang, at iba pang salik na hindi tuwirang nakapaloob sa teksto ng artikulo. Dahil dito, ang resulta ng pag-aaral ay nakatuon lamang sa kalidad ng mga artikulong balita sa konteksto ng pampublikong edukasyon sa Lalawigan ng Tarlac at hindi kumakatawan sa kabuoang kalagayan ng pampaaralang pamamahayag sa buong lalawigan o sa bansa.

**Katuturan ng mga Katawagang Ginamit**

Ang mga sumusunod na mga termino ay binigyan ng mga kahulugang sa kung paaano ito ginamit sa pag-aaral:

**Artikulong balita.** Isang ulat hinggil sa mga napapanahong isyu at pangyayari na layuning magbigay alam, kamalayan at magbalita sa lahat ng may kaugnayan sa interes sa lipunang saklaw nito. Ito ay pokus ng pagsusuri ng pananaliksik, mga artikulong balita sa mga pampublikong paaralan.

**Balarila.** Ito ay tumutukoy sa sistemang tuntuning sinunsundan sa paggamit ng wika at pagsulat upang maging batayan nang malinaw, maayos at propesyonal na komunikasyong pamamamahayag.

**Etika ng Pamamahayag.** Ito ay ang mga pamantayang moral, prinsipyo, at alituntunin na sinusunod sa pagsulat ng balita upang matiyak ang katotohanan at pananagutan ng mga mamamahayag.

**Kalakasan.** Ang kahusayan ay tumutukoy sa antas ng kagalingan o kalidad na taglay ng mga artikulong balita batay sa iba’t ibang pamantayan tulad ng nilalaman, organisasyon, bokabularyo, paggamit ng wika, at etikal na pagsulat.

**Kalidad.** Ang kalidad ng pahayagan ay tumutukoy sa antas ng kahusayan at katumpakan ng mga artikulong nalalathala sa pampaaralang pahayagan.

**Katumpakan ng Datos.** Ito ay tumutukoy sa kawastuhan ng mga impormasyong inilalahad sa artikulo, batay sa mga mapagkakatiwalaang sanggunian.

**Kritikal na Pag-iisip.** Kasanayan ng mga mag-aaral na magsuri, magpuna, at magbigay ng matalinong interpretasyon sa mga isyu sa pamamagitan ng pagsusulat.

**Leksiko-semantiko.** Ang leksiko-semantiko ay tumutukoy sa kahulugan at paggamit ng mga salita sa konteksto ng teksto. Sa pagsusuri ng artikulong balita, sinusuri kung ang mga salitang ginamit ay malinaw, akma, at walang bias upang mapanatili ang obhektibo at impormatibong katangian ng balita.

**Mamamahayag.** Ito ay tumutukoy sa mga mag-aaral na aktibong kasapi sa pampaaralang pahayagan na nagsisilbing tagapaghatid ng katotohanan at tagapagsulong ng malayang pagpapahayag sa loob ng paaralan.

**Morpolohikal.** Ito ay tumutukoy sa pag-aaral ng morpema o pinakamaliit na yunit ng kahulugan at sa pagbubuo ng mga salita. Sa pagsusuri ng balita, tinitingnan kung wasto at angkop ang paggamit ng mga panlapi, termino, at salita sa pagpapahayag ng impormasyon.

**Nilalaman.** Ang nilalaman ng sulatin ay tumutukoy sa kabuoang mensahe, impormasyon at tema ng isang artikulong balita na sinusuri sa pag-aaral.

**Organisasyon.** Ang organisasyon ng sulatin ay tumutukoy sa maayos na pagkakaayos ng ideya at daloy ng impormasyon sa artikulong balita.

**Ortograpikal.** Ito ay tumutukoy sa wastong paggamit ng mga tuntunin sa pagsulat ng mga salita ayon sa ortograpiyang Filipino, kabilang ang tamang baybay, bantas, letra, at ispeling. Sa pagsusuri ng artikulong balita, mahalaga ito upang matiyak ang kalinawan, kawastuhan, at propesyonalismo ng wika sa mga pampaaralang pahayagan.

**Pamamahayag.** Ito ay proseso ng pangangalap, pagsulat, at pagbabalita ng mga makatotohanang impormasyon upang maiparating sa publiko. Ginamit ito bilang pangunahing tema ng pag-aaral tungkol sa pampaaralang pahayagan.

**Pampaaralang pahayagan.** Ito ay opisyal na publikasyon ng mga mag-aaral na mamamahayag na naglalaman ng mga balita, lathalain, editorial at iba pang artikulo. Maituturing na daluyan ng komunikasyon upang makapaghatid ng impormasyon at makapagbigay ng kamalayan sa mga napapanahong balita, pangyayari sa paaralan. Ito ay ginamit sa pag-aaral bilang pangunahing paksa sa pagsusuri.

**Pagsusuri.** Ito ay sistematikong pag-aaral at masusing pag-aanalisa ng mga artikulong balita upang matukoy ang kalidad, nilalaman, at pamantayang etikal.

**Pagsusuring Pangnilalalaman.** Isang sistematiko at obhektibong pamamaraan ng pag-aaral ng teksto, mensahe, o iba pang anyo ng komunikasyon upang matukoy ang mga estruktura, tema, o katangian ng nilalaman. Layunin nito na masuri hindi lamang ang anong impormasyon ang ipinapahayag kundi pati ang paraan ng pagpapahayag at ang kahalagahan nito sa mga mambabasa. Ginamit ng mananaliksik ang pagsusuring pangnilalalaman upang matukoy ang tema, tono, at etikal na pamantayan ng mga artikulo sa pampaaralang pahayagan.

**Pagkiling.** Pagpapakita ng di-pantay o isang panig na pananaw sa pagsusulat ng balita na nagdudulot ng kakulangan sa obhektibong pag-uulat.

**Press Conference (Municipal, Division, Regional at National Schools Press Conference)** Mga patimpalak na isinasagawa ng Kagawaran ng Edukasyon upang masanay, makilala at mapahusay ang kakayahan ng mga mamamahayag sa iba't ibang kategorya ng pagsulat.

**Sintaktikal.** Ang sintaktikal ay tumutukoy sa maayos na pagkakabuo ng mga pangungusap batay sa balarila ng wikang Filipino. Pokus nito ang pagsusuri sa pagkakasunod ng mga salita, paggamit ng pang-ugnay, at porma ng pangungusap upang maging malinaw at lohikal ang pagpapahayag ng mensahe sa artikulo.

**Tagapayo ng Pahayagan.** Ang guro na pumapatnubay at tagapag-ensayo ng mga mamamahayag hinggil sa wastong pamamaraan ng pagsulat ng artikulo.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

## REBYU KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

### Kalayaan sa Pamamahayag at Batayang Batas ng Pampaaralang Pahayagan

Ayon kay Abad-Dadayan (2020), ang pamamahayag isa ito sa mga haligi ng pundasyon ng lipunan sapagkat nagbibigay ito ng impormasyon na tumutulong sa paghubog ng opinyon ng publiko at sa paghikayat sa mamamayan na makibahagi sa mas mataas na antas ng panlipunang pananagutan.

Malinaw na pinangangalagaan ng 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas ang kalayaan sa pamamahayag, gaya ng nakasaad sa Artikulo III, Seksyon 4: "walang batas na ipapasa na maglilimita sa kalayaan sa pananalita, sa pamamahayag, o sa midya, o sa karapatan ng mamamayan na mapayapang magtipon at magpetisyon sa pamahalaan para sa pagwawasto ng mga karaingan." Bilang pagpapatibay sa prinsipyong ito, ipinasa ang Republic Act No. 7079 o Campus Journalism Act of 1991 (CJA) na naglalayong pangalagaan ang kalayaan sa pamamahayag sa antas ng paaralan at itaguyod ang pag-unlad ng pampaaralang pahayagan.

Ayon kay Asperga (2017), bagaman ang CJA ay nagdulot ng malaking epekto sa buhay ng mga mag-aaral na manunulat—tulad ng pagbibigay ng oportunidad upang malinang ang kasanayan sa pamamahayag, makadalo sa mga press conferences, at makibahagi sa mga patimpalak—sa paglipas ng panahon ay humarap din ito sa iba't ibang hamon dulot ng modernisasyon at teknolohikal na pagbabago. Ipinakikita ng pag-aaral na sa kabila ng mga pagsubok, nananatiling mahalagang bahagi ng edukasyon ang pampaaralang pahayagan sapagkat ito ay nagiging daan sa pagsasanay ng kabataan sa kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at aktibong pakikilahok sa lipunan.

Sa pag-aaral naman ni Julie Grace Mi-ing Docallas (2023), sa makabagong panahon ng ugnayang pandaigdig at mabilis na daloy ng impormasyon, higit na naging mahalaga ang papel ng pamamahayag, lalo na sa antas ng mga mamamayang nasa batayang sektor. Ang pamamahayag ng mga mag-aaral, bilang isang umuusbong na plataporma sa loob ng mga institusyong pang-edukasyon sa buong mundo, ay hindi lamang naglilinang ng mga susunod na propesyonal sa larangan ng midya, kundi nagsisilbi ring mahalagang kasangkapan sa pagpapatatag ng mga demokratikong pagpapahalaga, pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip, at pagbibigay-kapangyarihan sa kabataan.

### Mga Hamon at Isyung Kinahaharap ng Pampaaralang Pahayagan

Ayon kay Julie Grace Mi-ing Docallas (2023), sa kabila ng pagkakaroon ng mga batas na nagbibigay-daan sa pagpapatupad ng Campus Journalism Act (CJA), patuloy pa rin itong nakararanas ng mga suliranin. Ilan sa mga ito ay ang kawalan ng malinaw na patakarang pampatnugot kakulangan sa kwalipikasyon at sobrang bigat ng gawain ng mga tagapayo ng pampaaralang pahayagan, kakapusan ng pondo, at limitadong kaalaman hinggil mismo sa batas sa iba't ibang rehiyon.

Una, may limitadong kaalaman sa pagtuturo ng mga artikulo, lalo. Ikalawa, kulang ang mga paghahambing na pag-aaral na sumusuri sa mga pagkakaiba sa pagitan ng mga paaralan o tagapagsanay na may mataas at mababang antas ng pagganap sa mga patimpalak sa pamamahayag. Ikatlo, hindi sapat ang pagtuon sa epekto ng mga istilo ng pagtuturo sa kinalalabasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Bagaman kinikilala ang kahalagahan ng coaching bilang isang mahalagang salik, kakaunti pa rin ang mga pananaliksik na nagsusuri kung paano nakaaapekto ang iba't ibang paraan ng paggabay sa pakikilahok,

kumpiyansa, etika, at kakayahan sa pagsulat ng mga kabataang mamamahayag (John Homer F. Bacea & Amira Mae C. Gumanoy, PhD, 2025)

**Pagsusuri ng Kalidad ng Pagsulat ng Artikulong Balita sa Pampaaralang Pahayagan**

Mahalaga ang mataas na kalidad ng balita, hindi lamang para sa sariling layunin nito kundi pati na rin sa mga implikasyong politikal nito. Gayunpaman, mahirap tukuyin, ipatupad, at sukatin ang kalidad ng midya ng balita dahil ang mga pamantayan sa pagsusuri ay nakadepende sa paniniwala tungkol sa ideal na lipunan, na likas na pinagtatalunan (Bachmann, Eisenegger, & Ingenhoff, 2022).

Gayundin ayon sa pag-aaral nina Bojic, L., Prodanovic, N., & Samala, A. D. (2024), sa mabilis na pag-usbong ng mga online news platform ay nagdulot ng pangangailangan para sa maaasahang paraan ng pagsusuri sa kalidad at kredibilidad ng mga artikulo. Inilalahad ng papel na ito ang isang komprehensibong balangkas para suriin ang mga balita sa mga onlayn gamit ang Natural Language Processing (NLP), kasama ang isang language model na espesyal na sinanay para dito, at iba pang karaniwang NLP na pamamaraan. Saklaw ng balangkas ang sampung pamantayan sa pamamahayag obhetibidad, balanse at katarungan, kalinawan at madaling basahin, sensyonalismo at clickbait, etika, pampublikong interes, kredibilidad ng sanggunian, kaugnayan at tamang panahon, katumpakan ng impormasyon, at atribusyon at kalinawan, upang masukat ang kalidad ng balita.

Ayon naman sa librong nailathala ni Bleyer (1916), bunga ng iba't ibang kalagayan at impluwensiya, ang pagsulat ng balita ay nagkaroon ng mga tiyak na katangian. Dapat itong maging (1) maikli, (2) malinaw, (3) medyo simple, (4) madaling basahin, at (5) kaakit-akit sa lahat ng uri ng mambabasa. Ipinapakita ng mga balitang artikulo ang (1) mga napapanahong pangyayari na may kahalagahan at interes sa mga mambabasa.

Dagdag pa nina Oguan & Del Valle (2022), upang makagawa ng isang mahusay na sulatin, kinakailangang bigyang-pansin ng isang manunulat ang mga tuntunin sa pagsulat kapag siya ay sumusulat ng artikulo, tulad ng balarila, istruktura ng pangungusap, bokabularyo, bantas, ispeling, at porma ng mga titik. Ang mga pagkakamali sa gramatika, sintaks, estruktura ng pangungusap, at bokabularyo ang madalas na dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral na makapagsulat nang maayos.

**Papel ng Guro at Tagapayo sa Paglinang ng Kasanayan sa Pamamahayag**

Hindi madali ang maging tagapayo ng mga batang mamamahayag. Maraming pagsubok ang kinakaharap tulad ng kakulangan sa kaalaman, kasanayan at kakulangan ng sapat na pagsasanay upang maihanda nang lubos ang mga kalahok sa mga kompetisyon.

Sa kabilang banda, may magandang maidudulot ito para sa kanila tulad ng pagkilala at propesyonal na pag-unlad sa nasabing larangan. Kung kaya naman, upang maihanda ang mga tagapayo at mamamahayag sa mga kompetisyon, kinakailangan ng sapat na ensayo at tuloy-tuloy na programa at pagtuturo sa pampaaralang pahayagan (Paguirigan at Paguirigan, 2023).

Iminungkahi naman sa pag-aaral ni Marbella (2025), ang pagbuo ng komprehensibong patakaran na nakatuon sa propesyonal na pag-unlad, mapagkukunang pangangailangan, at mga kagamitang teknolohiya. Kabilang sa mga rekomendasyon ang pagtatatag ng pangmatagalang paraan sa pagpopondo, pagsasagawa ng mentorship program sa pagitan ng mga bihasa at baguhang tagapayo ng pampaaralang

pahayagan, at paglikha ng mga kolaboratibong network upang higit pang mapahusay ang kalidad ng edukasyon pampaaralang pahayagan.

Dagdag pa nina Porras at Jajalla (2024), ipinakita ng mga natuklasan na mahalagang magpatupad ang mga paaralan at institusyon ng organisadong mga programang pagsasanay at maglaan ng sapat na mga mapagkukunan upang matulungan ang mga tagapayo na magkaroon ng kinakailangang kaalaman at suporta. Layunin nito na higit pang mapahusay ang kabayanan ng mag-aaral sa larangan ng pamamahayag at ang kalidad ng publikasyon ng paaralan.

Sa kaibuturan nito, layunin ng pamahayagan na maibigay sa publiko ang kinakailangang impormasyon upang itaguyod ang kanilang demokratikong pakikilahok (Brown, R. 2015).

Binigyang diin sa pananaliksik ni Beede at Mulnix (2017), matagal nang pinag-aaralan ng mga mananaliksik ang bilang ng mga pagkakamali sa mga artikulong balita at ang epekto nito sa kredibilidad ng medya. Sa bagong pananaliksik na ito, sinuri ang antas ng pagkakamali sa pagbabaybay at gramatika sa digital na panahon at ang kaugnayan nito sa ipinahayag na kredibilidad. Ipinapakita ng mga resulta na patuloy na nagaganap ang mga pangunahing pagkakamali sa pagbabaybay at gramatika sa mga digital na balita; subalit, hindi ganoon kasimple ang epekto nito sa pananaw ng mga mambabasa tungkol sa kredibilidad ng balita.

Ayon sa pag-aaral nina Tasmim, S., & Atikuzzaman, Md. (2025), mahalaga ang gampanin ng pampaaralang pahayagan sa pagpapalaganap ng impormasyon at pagtataguyod ng pagiging lantad at malinaw sa mga paaralan. Base sa natuklasan, sa magkakaibang pinagmumulan ng impormasyon, kakulangan ng kooperasyon mula sa mga awtoridad, hindi sapat na pagsasanay, at politikal na presyon ay malalaking sagabal sa epektibong pampaaralang pahayagan. Ilan sa mga solusyong lumitaw mula sa pagsusuri ang pagsasagawa ng mga programa sa pagsasanay, pagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon, at pakikipagtulungan sa iba pansamahan at sa pamunuan ng paaralan.

Batay sa pag-aaral nina Appelman at Schmierbach (2018), gamit ang apat na between-subject experiments (N1 = 106, N2 = 166, N3 = 159, at N4 = 164), sinuri ng pag-aaral na ito kung paano pinoproseso ng mga mambabasa ang mga gramatikal na pagkakamali sa mga artikulong balita. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na itinuturing ng mga mambabasa na mababa ang kalidad, kredibilidad, at impormasyon ng mga kuwento na may gramatikal na pagkakamali, ngunit kailangan ng medyo malaking bilang ng mga pagkakamali upang mapansin ito. Ipinapakita rin ng pagsusuri na mas malaki ang epekto sa mga taong nagbibigay-pansin sa tamang gramatika, at bahagyang epekto naman sa mga may kaalaman sa mga tuntunin ng gramatika. Batay sa mga natuklasang ito, iminumungkahi ng pag-aaral na may di-linear at hindi pangkalahatang epekto ang mga gramatikal na pagkakamali sa mga mambabasa ng mga artikulong balita.

Ayon kina Martí-Danés, Besalú, Pont-Sorribes, at Gómez-Puertas (2024), ang pag-aaral tungkol sa kredibilidad ng mga pinagmulan ay isa sa mga pangunahing pokus sa larangan ng komunikasyon, lalo na sa pamamahayag. Sa pagtaas ng maling impormasyon bilang epekto ng pandemya ng COVID-19, mahalaga ang kredibilidad ng mga pinagmulan upang matulungan ang mga tao na suriin at ikumpara ang mga balita sa konteksto ng infodemic. Batay sa isang demograpikong pag-aaral (N = 2007) na isinagawa sa Espanya noong panahon ng COVID-19, ginamit ng pananaliksik ang multifactor news credibility indicator upang tuklasin kung paano nakaapekto ang iba't ibang uri ng pinagmulan sa pananaw ng mga

mambabasa tungkol sa kredibilidad ng isang pekeng balita sa COVID-19 sa pormat ng nakasulat na digital na pahayagan.

Nagsagawa rin ng pagsusuri ng pangkat upang matukoy ang mga subgrupo batay sa mahahalagang sosyodemograpikong baryabol gaya ng edad, kasarian, at antas ng edukasyon. Ipinapakita ng resulta na walang epekto sa kredibilidad ng balita ang mga ekspertong pinagmulan at mga pinagmulan mula sa pulitika, samantalang malinaw na negatibo ang epekto ng mga mamamayan at kilalang personalidad bilang mga pinagmulan. Bukod dito, ang pekeng balita na walang binanggit na pinagmulan ay nakatanggap ng positibong antas ng kredibilidad. Natuklasan din na may makabuluhang estadistikal na ugnayan ang edad, kasarian, at antas ng edukasyon sa pananaw ng mga mambabasa tungkol sa kredibilidad ng balita.

Binigyang pansin sa pag-aaral nina Currie Sivek at Bloyd-Peshkin (2018), sinuri ang mga pamamaraan na ipinatutupad sa mga artikulo ng magasin at sa kanilang non-print na publikasyon, upang matukoy kung anu-anong desisyon ang ginawa bilang tugon sa bilis ng digital na publikasyon, ano ang naging epekto ng mga desisyong ito, anu-ano ang mga aral na natutuhan, at anu-ano ang mga pagbabagong ipinatupad sa paglipas ng panahon.

Ipinapakita ng resulta na nananatiling matatag ang mga praktis ng pagsusuri ng katotohanan para sa mga naimprintang balita sa karamihan ng mga magasin, kahit pa may limitadong mapagkukunan; gayunpaman, pinag-aaralan din ng mga magasin ang mga bagong proseso upang matiyak ang katumpakan at maprotektahan ang kanilang reputasyon sa isang mabilis na umuusbong na kapaligiran ng medya.

Iminungkahi nina Muhammed, Lawal, at Sanusi (2024), Sa pagdami ng mga digital na teknolohiya at sa patuloy na paglago ng Internet, hindi na nakapagtataka na naging isang masiglang industriya ang onlyan na pamamahayag. Bagama't patuloy pa itong umuunlad sa pandaigdigang konteksto, kinakailangang taglay ng mga mamamahayag ang malawak na kaalaman upang epektibong magampanan ang kanilang propesyon. Layunin ng pananaliksik na ito na alamin ang antas ng kaalaman, pagsasagawa, mga hamon, at mga oportunidad sa onlayn na pamamahayag sa hanay ng mga mamamahayag sa Katsina State. Natuklasan ng pag-aaral na aktibong nagsasagawa ng onlayn na pamamahayag ang mga mamamahayag sa Katsina State at napapakinabangan nila ang mga oportunidad na dala nito. Gayunpaman, kabilang sa mga pangunahing hamon na kanilang nararanasan sa pagsasagawa nito ang kawalan ng maaasahang koneksyon sa internet at kakulangan sa suplay ng kuryente, bukod sa iba pa.

Inilahad sa pag-aaral ni Gemma B. Espadero (2022), ang kalayaan sa pamamahayag sa Pilipinas ay nakaugnay sa karapatan ng bawat mamamayan na magpahayag, kaya naisabatas ang Republic Act 7079 o Campus Journalism Act of 1991. Sinuri ng pag-aaral ang implementasyon ng pampaaralang pahayagan sa Schools Division ng Tandag City gamit ang deskriptibong sarbey na may 96 na respondente mula sa mga pampublikong paaralang lumalahok sa press conferences. Ipinapakita ng mga resulta na ang pagpapatupad ng programa ay nahahadlangan ng mga seryosong isyu sa patakarang pangkampus, proseso ng pagsusulat ng balita, pamamahala ng mga kawani, at aspeto ng pinansyal. Bilang tugon, iminungkahi ang pagpapatupad ng isang pang-dibisyong inisyatiba upang maresolba ang mga hamong ito (Espadero, 2022).

Samantala, binigyang-pansin sa pag-aaral nina Chavez, Jason V., at iba pa (2024) ang kahalagahan ng pampaaralang pahayagan sa paghubog ng kaalaman, pagpapahalaga, at disiplina ng mga mag-aaral, pati na rin sa kanilang kasanayan sa panitikan, akademiko, at komunikasyon. Nilalayon ng pag-aaral na ito na

suriin kung paano nito pinapalakas ang kamalayan sa gramatika at kumpiyansa sa pagsusulat ng 16 na campus journalist, kabilang ang mga dating at kasalukuyang miyembro ng publikasyon.

Ipinapakita ng salaysay na ang mga pagsasanay at pagpapatnubay sa pampaaralang pahayagan ay nakatutulong sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa wika at pampanitikan, subalit ang presyur sa sosyal midya ay naglilimita sa kanilang pagpapahayag. Ayon sa Teoryang Sosyal-Kognitibo, ang takot sa sosyal midya ay nagtutulak sa mga mamamahayag na kontrolin ang kanilang ibinabahagi, na nagbubukas ng pagkakataon upang masusing suriin ang impluwensya ng kultura at lipunan sa kumpiyansa nila sa paggamit ng wika.

Ipinakita sa resulta ng pag-aaral ni Untalan, C. M. (2019), na nagagampanang mabuti ng mga publikasyon ng sekundaryang paaralan sa Calapan City Division sa pagbibigay ng impormasyon sa mga mag-aaral, magulang, at komunidad. Pinatutunayan nito na ang mga pampaaralang pahayagan ay napakahalaga sa mga mababasang sakop nito. Ang kalidad ng pahayagang inilalathala ng paaralan ay nakadepende sa kakayahan ng mga manunulat, tulong ng mga bihasang tagapayo, at katayuan ng mismong publikasyon ng paaralan. Inirerekomenda na ipagpatuloy ng paaralan ang paghasa sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat sa pamamagitan ng mga pagsasanay at seminar, hindi lamang para sa layuning akademikong pamamahayag kundi pati na rin bilang gabay sa kanilang magiging karera sa hinaharap (Untalan, C. M. 2019).

Binigyang diin naman ni Porque (2025) na ipinakita ng mga resulta ng kaniyang pag-aaral na may malaking epekto ang pahayagang pampaaralan sa mga mag-aaral sa lahat ng aspeto. Gayunpaman, ang bahaging pang-akademiko ang namumukod-tanging may pinakamalaking impluwensya sa mga mag-aaral. Ipinapakita ng mga resulta na ang pahayagang pampaaralan ay higit na nakapagpapaunlad sa kasanayang pang-akademiko ng mga mag-aaral, partikular sa kritikal na pag-iisip, pagsusulat, at kamalayan sa mga kasalukuyang pangyayari. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pahayagang pampaaralan bilang isang mahalagang kagamitang panturo na higit na nagpapalago sa kakayahang intelektwal kumpara sa iba pang larangan.

Ipinakita pa sa pag-aaral nina Cubilla at Cubillas (2021), natuklasan ang mga suliraning naranasan ng mga pampaaralang pahayagan ay may kaugnayan sa aspeto ng imprastruktura, estruktura, at pinansyal. Upang tugunan ang mga suliraning ito, nagpatupad ang ilang pribado at pampublikong mababang paaralan ng mga inisyatiba na itinuturing na epektibo at kapaki-pakinabang. Ang mga inisyatibang ito ay nagsilbing mahahalagang sangkap sa pagbuo ng Modelo para sa Pagsasanay ng mga Guro sa Pagpapatupad ng Kampus na Pamamahayag.

Ipinakita naman sa pag-aaral ni Hunahunan (2018), na ang pinaka-karaniwang pagkakamali ng mga manunulat ng balita ay sa antas ng gramatika, kung saan ang maling paggamit ng verb tenses ang pinakadalas na pagkakamali, kasunod ang maling paggamit ng capitalization at pagpili ng salita. Bukod dito, ang kabuoang error-density index ng lahat ng artikulo na 74% ay itinuturing na “napakaproblematiko,” na nagbigay-daan sa konklusyon na nahihirapan ang mga campus journalist sa wastong paggamit ng mga patakaran sa wika. Ang kahinaang ito ay nakaaapekto sa nilalaman ng kanilang balita at maaaring magpahina sa epektibong paghahatid ng pampaaralang pahayagan (Hunahunan, L. C. 2018).

Ayon kay Donasco, M. J. (2025), layunin ng kaniyang pananaliksik na tasahin ang kakayahan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pagsusulat ng balita at feature para sa publikasyon ng paaralan at

tukuyin ang mga aspeto ng kanilang pagsusulat na nangangailangan ng pagpapabuti. Ipinakita ng pagsusuri na mas mataas ang antas ng pagkakamali sa pagsusulat ng balita, partikular sa sintaks at ortograpiya.

Bagamat naipakita ng mga mag-aaral ang sapat na kakayahan sa organisasyon at nilalaman, kinakailangan pa rin ng pagpapahusay sa bokabularyo, istilo ng pagsusulat, at wastong paggamit ng wika upang mapabuti ang kalidad ng kanilang mga akda. Inirerekomenda ng pag-aaral ang paggamit ng Systematic Lessons, Guides, and Instruction in Journalism (SAGIP) bilang karagdagang materyal sa pagtuturo na angkop sa pagsasanay ng mga campus journalist, bagamat may ilang aspeto pa na maaaring pagbutihin upang mas epektibong mapalakas ang kasanayan sa pagsusulat.

Mahalaga ang mataas na kalidad ng balita, hindi lamang para sa sariling layunin nito kundi pati na rin sa mga implikasyong politikal nito. Gayunpaman, mahirap tukuyin, ipatupad, at sukatin ang kalidad ng midya ng balita dahil ang mga pamantayan sa pagsusuri ay nakabatay sa paniniwala tungkol sa ideal na lipunan, na likas na pinagtatalunan (Bachmann, P. 2022).

Batay sa pag-aaral ni Garcia (2023), layunin ng pag-aaral na ito na mapataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral na mamamahayag ng Cuyo Central School, Division of Palawan sa batayang pagsusulat ng balita gamit ang (CEB) Contextualized Error-Based Worktext. Natukoy na ang karaniwang pagkakamali ng mga mag-aaral na mamamahayag sa nilalaman ay ang tamang pagsunod sa news writing format o estilo na may iskor na 31.7; sa teknikal, ang pagpapamalas ng kakayahan sa pagsusulat ng balita na may mean na 27.4; at sa etika, ang hindi wastong pagtukoy ng mga sanggunian at pagsunod sa batas ng copyright na may mean na 7.6. Ipinakita ng paired t-test na may makabuluhang pagkakaiba sa mga marka ng pre-test at post-test, kung saan ang p-value na halos 0.00 sa antas na 0.05 at 0.01 ng kahalagahang estadistikal ay naging batayan upang tanggihan ang null hypothesis.

Isa sa pinakamalaking hamon na naitala ng mga respondente ay ang kakulangan ng sapat at kongkretong halimbawa para makalikha ng makabuluhang pagkatuto, na may frequency na 10 o 100%. Ang mga hamong ito ang naging batayan ng mas pinahusay na intervention material. Sa huli, ang ang CEB Worktext ay epektibong interbensiyong kagamitan, at ang pinahusay na worktext na naging resulta ng pananaliksik na ito ay higit na angkop bilang materyal na pantulong sa pag-aaral para sa mga pampaaralang pahayagan.

Binigyang diin naman Calumaya, H. at Ambayon, C. M. (2025), mahalaga ang papel ng mga tagapayo ng pahayagang pampaaralan sa paggabay sa mga mag-aaral mamamahayag at sa pagpapaunlad ng kahusayan sa pamamahayag. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang karanasan, estratehiya sa mentoring, at mga hamon ng mga kilalang tagapayo ng pahayagan sa Sultan Kudarat Division. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang epektibong mentorship ay nakasalalay sa kombinasyon ng teknikal na kaalaman, personalisadong paggabay, at malalim na dedikasyon sa paghubog ng mga mag-aaral. Gumagamit ang mga tagapayo ng iba't ibang metodolohiya sa pagtuturo, kabilang ang strengths-based approach, differentiated instruction, at aplikasyon sa totoong buhay, upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamahayag.

Binibigyang-diin din ng pag-aaral ang kahalagahan ng pagiging marunong makibagay, malikhaing pamamaraan, at tuloy-tuloy na suporta mula sa institusyon upang mapanatili ang mataas na kalidad ng mga programa sa pampaaralang pahayagan. Kabilang sa mga rekomendasyon ang pagpapalakas ng mga programa sa propesyonal na pag-unlad ng mga tagapayo, mas matibay na administratibong suporta,

integrasyon ng digital na kasangkapan, at pagtataguyod ng mentorship network (Calumaya, H. & Ambayon, C. M. 2025).

Ipinahayag nina Castino, Pante, at Daguman (2024), Ang Spottswood National School ay nagsilbing sentro ng kahusayan sa Kidapawan City Division mula nang ito’y itatag 23 taon na ang nakalilipas. Sa paglipas ng mga taon, patuloy itong nagpakita ng natatanging pagganap sa iba’t ibang larangan ng pagkatuto. Kamakailan lamang, nakapagprodyus ang paaralan ng mga nagwagi sa 2024 Regional Schools Press Conference (RSPC) sa Tacurong City at nakapasok sa 2024 National Schools Press Conference sa Cebu City. Kalakip ang mga naunang tagumpay ng mga mag-aaral na mamamahayag at tagapayo, gayundin ang husay ng mga tauhang tagapagturo, taglay ng paaralan ang malaking potensyal upang magturo at magsanay ng mga mag-aaral sa larangan ng pamamahayag.

Kaugnay nito, layunin ngayon ng paaralan na magtatag ng isang Special Program for Journalism upang mabigyan ang mga mag-aaral ng angkop na plataporma upang maipamalas at mapaunlad ang kanilang kakayahang pampamamahayag. Ang pagpapatupad ng naturang programa ay magbibigay-daan din sa mga guro na maging pormal at sistematiko ang pagtuturo ng pamamahayag. Batay sa isinagawang environmental scanning ng mga administrador at guro ng Spottswood National High School, sapat at handa ang paaralan upang tanggapin ang hamon na maging piloto ng kauna-unahang Special Program in Journalism sa Kidapawan City District–III. Taglay nito ang sapat na pasilidad, kabilang na ang Kompyuter na Laboratoryo na kayang tumanggap ng 50 mag-aaral sa isang pagkakataon (Castino et al., 2024).

Sa pag-aaral naman nina Ibojo at Rosario (2024), na nakatuon sa mga baguhang tagapayo ng pampaaralang pahayagan na hindi sapat ang kaalaman at karanasan, na nahaharap sa mga hamon tulad ng kulang na pondo, kagamitan, at nahihirapang magturo at bumuo ng balita. Bilang tugon, pinupunan ng mga tagapayo ang pangangailangan gamit ang sariling kakayahan at naniniwalang magiging matagumpay naman ang lahat. Ipinapayo rin ang mas mahigpit na pagpapatupad ng RA 7079 at pagpapahusay ng mga tagapayo sa pamamagitan ng seminar-workshops, partnerships, cost-reduction strategies, at student-led programs (Ibojo & Rosario, 2024).

Dagdag pa sa pag-aaral ni Cainong (2024), Kabilang sa mga pangunahing problema na kanilang naranasan ang kakulangan sa pondo, mababang kasanayan sa wika ng mga manunulat, kakulangan ng suporta mula sa magulang, kawalan ng pampaaralang pahayagan opisina, at kakulangan sa pagsasanay sa pampaaralang pahayagan. Batay sa mga resulta, mariing inirerekomenda na ipatupad ang iminungkahing mga programang interbensyon ng pag-aaral upang mapabuti ang kakayahan at pamamahala ng mga tagapayo (Cainong, 2024).

**Batayang Teorya Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Error Analysis Theory nina S. P. Corder (1967, 1974) na nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagsusuri ng mga kamalian bilang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto at paggamit ng wika. Ayon kay Corder (1967), ang mga kamalian ay hindi lamang simpleng pagkakamaling dapat iwasto; sa halip, nagsisilbi itong bintana tungo sa kung paano iniintindi at pinoproseso ng manunulat ang wika. Sa konteksto ng pampaaralang pahayagan, ang pagsusuri sa mga mali sa artikulong balita ay nagbibigay ng malinaw na pag-unawa sa paggamit ng gramatika, estruktura, lohika, at estilo, na nakaaapekto sa kalidad ng isang balitang pampaaralan.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Binigyang-diin din ni Corder (1974) na sa pagsusuri ng kamalian, mahalagang tukuyin hindi lamang ang mali, kundi ang pinagmulan at uri nito, tulad ng pagkakaltas, pagdaragdag, maling impormasyon at estruktura ng artikulo. Sa pamamagitan nito, mas mauunawaan ng mga guro, tagapayo ng pahayagan, at manunulat kung saan nagmumula ang mga kahinaan sa pagsulat ng balita at kung paano ito matutugunan sa pamamagitan ng epektibong interbensiyon.

Dagdag pa rito, ayon kay James (1998), ang Error Analysis ay hindi lamang tumutukoy sa lingguwistikong pagkakamali kung hindi pati sa organizational at discourse-level errors, na lubhang mahalaga sa pagsusulat ng balita. Kasama rito ang pagkamali sa tamang paglalagay at pagbuo ng talatang pamatnubay, hindi maayos na balitang estruktura, at kakulangan sa kalidad at katotohanan batay sa nilalaman nito—mga elementong kailangang pangalagaan upang maging epektibong daluyan ng impormasyon ang isang pahayagan.


Sa paglalapat ng teoryang ito sa pagsusuri ng artikulong balita, nagiging posible ang sistematikong pagtukoy sa mga gramatikal, semantiko, estruktural, at etikal na pagkakamali na maaaring makaapekto sa kredibilidad ng pampaaralang pahayagan. Sa pamamagitan ng Error Analysis Theory, nagkakaroon ng mas matibay na pundasyon ang pananaliksik upang suriin, ipaliwanag, at maunawaan ang kalidad ng mga artikulong nalalathala sa mga pampaaralang pahayagan, partikular sa konteksto ng Bayan ng Paniqui.

**Batayang Konseptuwal ng Pag-aaral**

Ang paradim ginamit sa pananaliksik na ito ay nakabatay sa Impormasyon–Proseso–Kinalabasan (IPO) Model na nagpapakita ng lohikal na ugnayan ng mga pangunahing bahagi ng pag-aaral. Batay sa Pigura 1, ang Impormasyon ay binubuo ng mga artikulong balita mula sa limang pampaaralang pahayagan na nalathala mula 2022 hanggang 2026, na nagsisilbing pangunahing datos sa pagsusuri. Ang mga artikulong ito ang pinagkukunan ng impormasyong susuriin upang matukoy ang kalidad ng pagsulat ng balita ng mga mag-aaral.

Sa bahagi ng Proseso, isinasagawa ang masusing pagsusuri ng mga artikulong balita sa pamamagitan ng sistematikong pagtataya sa kalidad ng nilalaman at wika, gayundin ang pagsusuri sa antas ng pagkakasundo ng mga tagasuri. Ang mga prosesong ito ay mahalaga upang matiyak ang pagiging obhektibo, konsistensi, at pagiging mapagkakatiwalaan ng resulta ng pagsusuri. Sa pamamagitan ng prosesong ito, malinaw na natutukoy ang antas ng kalidad ng mga artikulo at ang mga aspeto ng pagsulat na nangangailangan ng pagpapahusay.

Sa Kinalabasan, lumilitaw ang kabuoang resulta ng pag-aaral na nagsisilbing batayan sa pagbuo ng mungkahing pagsasanay sa pagsulat ng artikulong balita. Ang mga kinalabasang ito ay inaasahang makatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita at sa higit pang pagpapaunlad ng kalidad ng mga pampaaralang pahayagan.




**Figyur 1**

*Paradim ng Pag-aaral*

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng document analysis bilang pangunahing disenyo ng pananaliksik. Ang document analysis ay isang sistematikong pamamaraan ng pagsusuri ng umiiral na dokumento upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at makabuo ng empirikal na kaalaman hinggil sa isang partikular na phenomenon (Bowen, 2009). Sa pamamagitan ng ganitong disenyo, ang mananaliksik ay tukuyin, at suriin ang mga tekstuwal na datos ng artikulong balita upang masagot ang mga katanungan ng pag-aaral nang walang direktang pakikipanayam sa mga kalahok o pangangalap ng bagong datos mula sa mga instrumento tulad ng sarbey o eksperimento.

Ayon kay Bowen (2009), ang document analysis ay hindi lamang naglilimita sa simpleng pagbasa ng teksto, kundi kinapapalooban ng sistematikong pagpili, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan sa dokumento batay sa mga layunin ng pag-aaral. Ang prosesong ito ay nangangailangan ng maingat na pagpili ng dokumento, pagbuo ng kategorya o coding scheme, at pagsusuri ng mga tema o pattern na makatutulong upang maunawaan ang kalidad ng teksto.

Sa konteksto ng pananaliksik na ito, pinili ang document analysis upang masuri ang antas ng kalidad, katumpakan, at etikal na pamantayan ng mga artikulong balita sa pampaaralang pahayagan dahil

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

ang mga tekstuwal na datos ay pangunahing nabatay sa mga nakalathalang artikulo mula sa mga publikasyon ng pampublikong paaralan. Ang paraang ito ay angkop sapagkat nagbibigay ito ng kakayahan sa mananaliksik na suriin ang nilalaman batay sa mga pre-existing na teksto upang matukoy kung paano naipapakita ang mga kritikal na aspekto ng balita tulad ng nilalaman, organisasyon, bokabularyo, paggamit ng wika at etikal na pamantayan. Sa pamamagitan ng document analysis, maaaring suriin ang dokumento sa paraang deskriptibo at interpretatibo upang mailahad ang kabuoang estado ng mga teksto at makabuo ng rekomendasyon para sa pagsasanay sa pagsulat ng balita.

**Pinagmulan ng Datos**

Ang datos ng pananaliksik na ito ay kinuha mula sa mga artikulong balita ng mga pampaaralang pahayagan sa limang pampublikong mataas na paaralan sa Lalawigan ng Tarlac; Camiling School for Home Industries (CSHI), Camiling, Tarlac; Corazon C. Aquino High School (CCAHS), Gerona, Tarlac; Padapada National High School (PNHS), Sta. Ignacia, Tarlac; San Pedro National High School (SPNHS), Moncada, Tarlac; at Tarlac National High School (TNHS), Tarlac City, Tarlac. Sakop ng pagsusuri ang mga artikulong nalathala sa mga isyu ng pampaaralang pahayagan mula taong 2022 hanggang 2026.

Ang mga artikulong ito ay pangunahing pagkukuhanan ng datos sapagkat naglalaman ng mga teksto na nagpapakita ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita, kalidad ng nilalaman, organisasyon ng ideya, paggamit ng bokabularyo at wika, at pagsunod sa etikal na pamantayan ng pamamahayag (Bowen, 2009; Krippendorff, 2018). Ang pagsusuri sa mga artikulong ito ay naglalayong magbigay ng empirikal na ebidensya hinggil sa antas ng kalidad ng pampaaralang pamamahayag at magsilbing batayan sa pagbuo ng mungkahing pagsasanay para sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng balita.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay ang Talaan ng Pagsusuri ng Kalidad ng Artikulong Balita, na binuo ng mananaliksik upang sistematikong masukat ang antas ng kalidad ng mga artikulong balita mula sa mga pampaaralang pahayagan. Ang instrumentong ito ay idinisenyo batay sa mga pamantayan ng akademikong pagsulat at propesyonal na pamamahayag, at nakatuon sa limang (5) pangunahing aspekto ng pagsusuri: (1) Nilalaman, (2) Organisasyon, (3) Bokabularyo, (4) Paggamit ng Wika, at (5) Etikal na Pamantayan sa Pamamahayag.

Ang bawat aspekto ay binubuo ng mga tiyak na indikador na nagsisilbing batayan sa pagtataya ng kalidad ng artikulo. Ang mga indikador na ito ay tumutukoy sa kalinawan at kawastuhan ng impormasyon, lohikal na pagkakaayos ng ideya, angkop at mayamang paggamit ng mga salita, wastong gramatika at estruktura ng pangungusap, at pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa pamamahayag tulad ng pagiging patas, tapat, at responsable sa pag-uulat ng balita.

Upang masukat ang antas ng kalidad ng bawat artikulong balita, ginamit ang isang iskala ng pagmamarka na may apat (4) na antas:

| Kahulugan | Kaukulang Puntos | Deskriptibong Interpretasyon |
|---|---|---|
| Napakahusay | 5 | Nangunguna sa pamantayan; walang kapansin-pansing kamalian |
| Mahusay | 4 | Kadalasang tama; may kaunting kamalian |
| Katamtaman | 3 | May sapat na kalidad ngunit halata ang ilang kahinaan |
| Mahina | 2 | Maraming kakulangan; nangangailangan ng malaki-laking pagwawasto |
| Napakahina | 1 | Hindi pumapasa sa pamantayan; mababa ang antas ng kalidad |

Bilang bahagi ng pagpapatunay sa pagiging balido at maaasahan ng instrumento, ang talaan ng pagsusuri ay ipinatingin at sinuri ng dalawang (2) eksperto sa larangan ng pamamahayag at akademikong pagsulat. Ang kanilang mga mungkahi at rekomendasyon ay isinama sa rebisyon ng instrumento upang matiyak ang malinaw, angkop, at sistematikong pamantayan ng pagsusuri.

Sa aktuwal na paggamit ng instrumento, ang mananaliksik at dalawang eksperto ang nagsilbing mga tagasuri ng mga artikulong balita. Ang mga marka na kanilang ibinigay ay ginamit bilang batayan sa pagsusuri ng antas ng kalidad ng mga artikulo, gayundin sa pagtukoy ng antas ng pagkakasundo ng mga tagasuri sa pamamagitan ng angkop na pamamaraang estadistika.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Sa pangangalap ng datos, ang pagkuha ng mga artikulong balita ay isinagawa sa pamamagitan ng pormal na Liham-Pahintulot na inaprobahan ng Ehekutibong Direktor at ipinadala sa mga punong-guro at mga tagapayo ng pampaaralang pahayagan ng bawat paaralan. Isinagawa ang sistematikong pangangalap ng mga artikulong balita mula sa mga nalathalang isyu ng pampaaralang pahayagan ng limang (5) pampublikong paaralan sa Lalawigan ng Tarlac sa taong mula 2022 hanggang 2026. Ang mga napiling artikulo ay nagmula lamang sa mga opisyal at naimprentang kopya ng publikasyon upang matiyak ang pagiging awtentiko at kredibilidad ng mga dokumentong susuriin.

Batay sa nakalap na mga diyaryo mula sa limang (5) paaralan sa loob ng taong 2022–2026, lumilitaw na ang Tarlac National High School (TNHS), Corazon C. Aquino High School (CCAHS), at Padapada National High School (PNHS) ay taun-taong nakapaglalathala ng kanilang pampaaralang pahayagan at aktibong lumalahok at nakatatanggap ng mga parangal sa larangan ng Desktop Publishing. Ipinapakita nito ang kanilang tuloy-tuloy na paglalathala ng mga publikasyon at aktibong partisipasyon sa campus journalism. Samantala, ang San Pedro National High School (SPNHS) ay nakapaglabas lamang ng dalawang edisyon ng diyaryo sa mga taong panuruan 2022–2023 at 2025–2026. Gayundin, ang Camiling School for Home Industries (CSHI) ay nakapagpalathala lamang ng dalawang edisyon sa mga taong panuruan 2023–2024 at 2025–2026.

Matapos nakalap ang mga dokumento, ang bawat artikulong balita ay sasailalim sa masusing pagsusuri gamit ang binuong Talaan ng Pagsusuri ng Kalidad ng Artikulong Balita. Ang instrumentong ito ay dinisenyo upang sistematikong masukat ang kalidad ng mga artikulo batay sa limang (5) pangunahing aspekto: (1) Nilalaman, (2) Organisasyon, (3) Bokabularyo, (4) Paggamit ng Wika, at (5) Etikal na Pamantayan sa Pamamahayag. Ang bawat aspekto ay binubuo ng mga tiyak na elemento o indikador na nagsisilbing batayan sa pagbibigay ng marka, alinsunod sa pamantayan ng akademikong pagsulat at propesyonal na pamamahayag. Ang mga artikulo ay susuriin sa pamamagitan ng instrumento sa pagsusuri ng artikulo ng balita sa tulong ng mananaliksik at dalawang eksperto.

Sa proseso ng pagsusuri, ang dalawang (2) eksperto sa larangan ng pamamahayag at pagsulat ng balita ang unang magsasagawa ng pagsusuri sa mga artikulong balita. Ang unang tagasuri ay may digring Doctor of Philosophy na may major sa Filipino, may ilang taong karanasan sa pagtuturo sa antas sekundarya at kolehiyo, at kinikilalang kritiko sa wika at panitikan. Siya rin ay tagapagsanay ng mga mamamahayag sa Filipino, partikular sa pagsulat ng balita at lathalain.

Ang ikalawang tagasuri ay may digring Doctor of Education major in Educational Management at may labing-isang (11) taon ng karanasan bilang tagapayo ng paaralan. Siya ay nakapagkamit at nakapagpadala ng mga mamamahayag sa Municipal, Division, at Regional Schools Press Conferences sa mga kategoryang pagsulat ng balita, pagwawasto at pag-uulo ng balita, isports, at radio broadcasting.

Ang parehong tagasuri ay may sapat na kaalaman at malawak na karanasan sa pagmamarka ng mga artikulong pampahayagan na nagsisiguro ng obhetibo at balidong pagtataya ng kalidad ng mga ito.

Pagkatapos ng kanilang pagsusuri, ang mga nasabing artikulo ay muling susuriin ng mananaliksik bilang ikalawang tagasuri gamit ang parehong talaan ng pagtataya. Ang mananaliksik ay isang mamamahayag din na nakapagkamit ng iba’t ibang karangalan sa larangan ng pamamahayag at kumatawan sa Lalawigan ng Tarlac sa Regional Schools Press Conference sa kategoryang pagwawasto at pag-uulo ng balita. Sa pamamagitan ng prosesong ito, matitiyak ang masusing paghahambing ng mga pagtataya at ang katatagan ng mga resulta ng pananaliksik. Ang mga marka at datos na makukuha mula sa Talaan ng Pagsusuri ng Kalidad ng Artikulong Balita ang magsisilbing pangunahing batayan sa pagsusuri ng antas ng kalidad ng mga artikulo sa bawat aspekto. Ang mga resultang ito ay gagamitin sa pagbuo ng empirikal na batayan sa pagtukoy ng mga kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balitang pampaaralan. Higit sa lahat, ang mga matutuklasan mula sa pagsusuri ang nagsilbing pundasyon sa pagbuo ng mungkahing pagsasanay o interbensyong pampagtuturo na nakatuon sa paglinang at pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng artikulong balita, partikular sa aspeto ng nilalaman, organisasyon, wastong paggamit ng wika, bokabularyo, at pagsunod sa etikal na pamantayan ng pamamahayag.

**Pagsusuri sa mga Datos**

Inilalahad sa kabanatang ito ang pamamaraang estadistika na gagamitin sa pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na makakalap mula sa mga artikulong balita ng pampaaralang pahayagan sa mga pampublikong paaralan.

Ang mean o karaniwang iskor ang gagamitin upang matukoy ang pangkalahatang antas ng kalidad ng mga artikulong balita sa bawat aspekto ng pagsusuri. Ang interpretasyon ng mean score ay ibabatay sa itinakdang rubrik o antas ng pagtataya.

Sa pamamagitan ng estadistikang ito, matutukoy kung aling mga aspekto ng pagsulat ng balita ang nagpapakita ng kalakasan at kung alin ang nangangailangan ng higit pang pagpapahusay, batay sa sistematikong pagtataya ng mga artikulo.

Ginamit ang tematikong analisis upang matukoy, mapangkat, at masuri ang magkakatulad na kalakasan ng limang artikulong balita na nakakuha ng pinakamataas na antas ng kalidad batay sa mga komento at puna ng mga eksperto. Sa pamamagitan nito, nabuo ang mahahalagang tema kaugnay ng

nilalaman, organisasyon, bokabularyo, paggamit ng wika, at etikal na pamantayan na nagsilbing batayan sa mas malalim na pag-unawa sa kalidad at kahusayan ng mga artikulong balita sa akademikong pamamahayag.

Batay sa resulta, nagsilbing batayan ang mga nakuhang datos upang matukoy ang mga aspekto ng pagsulat na nangangailangan pa ng pagpapabuti, tulad ng organisasyon, paggamit ng wika, bokabolaryo, at mekaniks. Mula rito, nabuo ang isang sistematikong interpretasyon na nagbigay-daan sa malinaw na pag-unawa sa antas ng kalidad ng mga artikulong balita.

## PRESENTASYON, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG DATOS

### Ang Antas ng Kalidad ng mga Artikulong Balita sa mga Pampaaralang Pahayagan sa mga Pampublikong Paaralan

Ang antas ng kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan sa mga pampublikong paaralan ay mahalagang salik sa paghubog ng kasanayan sa pamamahayag ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa nilalaman, organisasyon, at paggamit ng wika, natataya ang antas ng kahusayan ng mga akda at ang kanilang pagsunod sa pamantayan ng wastong pagsulat ng balita. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mailarawan ang pangkalahatang kalidad ng mga artikulo batay sa itinakdang pamantayan ng pagsusuri. Ang mga talahayanan sa mga susunod na pahina ay naglalahad ng mga resulta ng pagsusuri hinggil sa antas ng kalidad ng mga sinuring artikulong balita.

Narito ang talahanayan na nagpapakita ng resulta ng pagsusuri sa kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan sa mga pampublikong paaralan batay sa nilalaman. Binibigyang-diin nito ang lawak, katumpakan, at kahalagahan ng impormasyong inilalahad sa bawat balita.

### A. Nilalaman

**Talahanayan 1**
**Ang Antas ng Kalidad ng mga Artikulong Balita sa mga Pampaaralang Pahayagan sa mga Pampublikong Paaralan Batay sa Nilalaman**

| Domain | T1 | T2 | T3 | *Overall mean* |
|---|---|---|---|---|
| 1. Ang ulo ng mga balita ay malinaw, tiyak, at walang kinikilingan, na direktang naglalarawan sa pangunahing nilalaman at paksa ng ulat. | 4.08 | 4.80 | 4.38 | 4.42 |
| 2. Gumamit ng angkop at epektibong uri ng pamatnubay upang maipakilala ang paksa at makuha ang atensyon ng mambabasa. | 4.00 | 4.80 | 4.60 | 4.47 |
| 3. Inilahad sa unang talata ang pinakamahalagang detalye ng pangyayari alinsunod sa prinsipyong nakabaligtad na tatsulok. | 3.86 | 4.78 | 4.64 | 4.43 |
| 4. Naipakita ang mahahalagang datos at kaugnay na impormasyon na sumusuporta sa pangunahing detalye. | 3.74 | 4.82 | 4.78 | 4.45 |
| 5. Binigyang-diin ang mga impormasyong may tuwirang kaugnayan sa paksa at iniiwasan ang labis o hindi mahalagang detalye. | 3.78 | 4.82 | 4.64 | 4.41 |
| 6. Ipinatupad ang mga pamantayang estilong pambalita tulad ng wastong paggamit ng panipi at pagkilala sa pinagmulan ng impormasyon. | 3.76 | 4.82 | 4.74 | 4.44 |

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 7. Sinunod ang pamantayan at istilo ng pagsulat ng balita, kabilang ang wastong estruktura at presentasyon ng impormasyon. | 3.62 | 4.84 | 4.68 | 4.38 |
| 8. Napapanahon, tumpak, at beripikado ang impormasyong inilalahad sa kabuuan ng ulat. | 4.04 | 4.94 | 4.88 | 4.62 |
| 9. Ipinapakita ang kahalagahan ng balita sa komunidad ng paaralan o lipunan | 4.18 | 4.94 | 4.96 | 4.69 |
| ***Overall mean*** | **3.90** | **4.84** | **4.70** | **4.48** |

Leyenda:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.51 – 5.00 | Napakahusay | 1.51 – 2.50 | Mahina |
| 3.51 – 4.50 | Mahusay | 1.00 – 1.50 | Napakahina |
| 2.51 – 3.50 | Katamtaman | | |

Ipinapakita sa talahanayan ang antas ng kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan ng mga pampublikong paaralan sa Lalawigan ng Tarlac batay sa nilalaman. Makikita na ang kabuoang Overall mean ay 4.48, na may deskripsyong "Mahusay," na nagpapahiwatig na sa pangkalahatan ay maayos at epektibo ang kalidad ng pagsulat ng balita sa mga paaralang saklaw ng pag-aaral.

Katunayan, isinaad ng mga Tagasuri na may "maayos ang nilalaman" ang isa sa mga artikulong balita na may pamagat na "Guidance Talks, Isang Hakbang sa Pagsugpo ng Teenage Pregnancy." Ipinapahiwatig nito na ang ilan sa mga sinuring balita ay nakasunod sa mga pamantayan sa pagsulat ng balita, partikular sa wastong paglalahad ng impormasyon, malinaw na organisasyon ng detalye, at pagiging makabuluhan ng nilalaman.

Sa artikulong balita na "16 TNHSians, Nakipagsiklaban sa 24th Benilde Model United Nations," nagbigay ng puna ang Tagasuri na "napakahusay." Ipinahihiwatig nito na naging mabisa ang pagkakalahad ng balita at naipakita nang malinaw, organisado, at kawili-wili ang mahahalagang impormasyon sa artikulo.

Sa kabilang banda, Ang simbolong tsek (✓) sa bawat sinuring balita ay nagpapakita na maayos ang nilalaman ng balita at nakasunod ito sa mga pamantayan ng wastong pagsulat ng artikulong pambalita.

Sa mga partikular na Domeyn, pinakamataas ang iskor sa "Ipinapakita ang kahalagahan ng balita sa komunidad ng paaralan o lipunan" na may mean na 4.69 at deskripsyong "Napakahusay." Kasunod ang "Napapanahon, tumpak, at beripikado ang impormasyong inilalahad sa kabuuan ng ulat" na may mean na 4.62 at "Napakahusay" rin. Ipinapakita nito na ang mga balitang nalalathala ay hindi lamang organisado kundi may mataas na antas ng kredibilidad at kabuluhan sa komunidad.

Ang mga balitang nailathala sa mga pampaaralang pahayagan ay tunay na may halaga hindi lamang sa loob ng paaralan kundi maging sa komunidad. Halimbawa nito ang artikulong "120 Siklista, Lumahok sa 'Padyak for a Cause'" ng Camiling School for Home Industries na naglalahad na ang malilikom na salapi mula sa nasabing gawain ay magsisilbing karagdagang pondo para sa mga bagong kagamitan ng school clinic.

Gayundin, sa balitang "Sangguniang Kabataan, Pinaghahandaan" ng Padapada National High School, binigyang-diin na ang paghahandang ito ay may mahalagang ambag sa nalalapit na pagpili ng mga magiging lider ng kabataan.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Samantala, sa artikulong "Bahay Kanlungan sa Tarlac, Binisita ng BKB-TNHS" ng Tarlac National High School, inilahad ang pagbibigay ng tulong at suporta sa mga batang may espesyal na pangangailangan sa St. Joseph Home for Special Children. Ipinakikita ng mga balitang ito na ang ilan sa mga balitang ito ay hindi lamang nakatuon sa pagbabalita ng mga pangyayari sa paaralan kundi nagsisilbi ring daluyan ng kamalayang panlipunan at pakikilahok sa mga gawaing makabuluhan sa komunidad.

Samantala, ang domeyn na "Gumamit ng angkop at epektibong uri ng pamatnubay upang maipakilala ang paksa at makuha ang atensyon ng mambabasa" ay nagtamo ng mean na 4.47 na may deskripsyong "mahusay." Bagama't nakakuha pa rin ng mataas na pagtataya ang aspektong ito, kinakailangan pa rin itong higit na mapaunlad upang maging mas episyente at komprehensibo ang pagkakasulat ng pamatnubay.

Katulad na lamang ng puna ng isa sa mga tagasuri sa artikulong "Camiling, Nagkamit ng mga Parangal sa Aral Wonderland" na nagsasaad na "Isang talata lamang dapat ang pamatnubay." Ipinakikita nito na may ilang manunulat na hindi nasusunod ang wastong estruktura ng pagsulat ng pamatnubay sa balita. Gayundin, napansin ng mga tagasuri na may ilang artikulong balita na hindi ganap na nailalahad ang mahahalagang impormasyon sa pamatnubay. Makikita ito sa artikulong "Grade 12 Work Immersion, Tagumpay!" kung saan binigyang-puna ng tagasuri ang "ASSKPB," na tumutukoy sa mga pangunahing tanong na Ano, Sino, Saan, Kailan, Paano, at Bakit na kinakailangang masagot sa isang mahusay na pamatnubay.

Samantala, sa "Gadgets, Mag-aaral na Lalahok sa PISA 2025, Inihahanda na ng TNHS," ipinuna ang kakulangan sa tiyak na detalye gaya ng "Sino ang mga mag-aaral? Edad? Year?" Ipinapakita nito na bagama't mahusay ang pagsulat ng pamatnubay, kinakailangan pa rin ng mas malinaw, maikli, at kumpletong paglalahad ng mahahalagang impormasyon.

Sumunod naman ang domeyn na "Naipakita ang mahahalagang datos at kaugnay na impormasyon na sumusuporta sa pangunahing detalye" na nagtamo ng mean na 4.45 na may deskripsyong "mahusay." Batay sa mga pagsusuri, ang mga mahahalagang datos na inilalahad sa mga artikulong balita ay may malinaw na kaugnayan sa pangunahing detalye ng balita, na nagpapakita ng maayos at organisadong paglalahad ng impormasyon.

Sinundan ito ng domeyn na "Ipinatupad ang mga pamantayang estilong pambalita tulad ng wastong paggamit ng panipi at pagkilala sa pinagmulan ng impormasyon" na nakakuha ng mean na 4.44. Gayunpaman, may ilang puna pa ring ibinigay ang mga tagasuri, tulad sa balitang "120 Siklista, Lumahok sa 'Padyak for a Cause,'" kung saan binanggit na "walang interview" o anumang panayam na sumusuporta sa impormasyon ng balita

Samantala, ang domeyn na "Inilahad sa unang talata ang pinakamahalagang detalye ng pangyayari alinsunod sa prinsipyong nakabaligtad na tatsulok" ay nagtamo ng mean na 4.43 na may deskripsyong "mahusay." Ipinapakita nito na naipaloob ng mga manunulat sa unang talata ang mahahalagang impormasyon ng balita, alinsunod sa wastong estruktura ng pagsulat ng artikulong pambalita.

Sumunod naman ang domeyn na "Ang ulo ng mga balita ay malinaw, tiyak, at walang kinikilingan, na direktang naglalarawan sa pangunahing nilalaman at paksa ng ulat" na nagtamo ng mean na 4.42 na may deskripsyong "mahusay." Gayunpaman, may ilang puna ang mga tagasuri hinggil sa wastong pag-uulo ng balita. Sa artikulong "Sangguniang Kabataan, Pinaghahandaan," binanggit na hindi ito sumunod sa padrong "S-V-O" o "Subject-Verb-Object" at hindi rin kumpleto ang ulo ng balita. Sa "Camiling, Nagkamit ng mga Parangal sa Aral Wonderland," iminungkahi namang gawing mas direktiba ang ulo sa pamamagitan ng pagpapalit nito sa "Camiling, Pinarangalan sa Aral Wonderland."

ISSN:3116-4692

Napansin din ng mga tagasuri ang wastong pagpili ng salita sa pag-uulo ng balita. Halimbawa, sa "Bayanihan para sa Kalinisan ng Paaralan, Pinagtibay ng YES-O," iminungkahing mas angkop gamitin ang salitang "pinangunahan" kaysa "pinagtibay." Samantala, sa balitang "Bagong Ulo ng Paaralan ng PNHS, Binigyang Pugay," iminungkahi namang palitan ang salitang "ulo" ng "lider" upang maiwasan ang kalituhan. Binigyang-diin din ng tagasuri na sa pag-uulo ng balita ay dapat iwasan ang paggamit ng mga salitang may dalawahang kahulugan upang maging malinaw at tiyak ang mensahe ng balita.

Binigyang-diin ang mga impormasyong may tuwirang kaugnayan sa paksa at iniiwasan ang labis o hindi mahalagang detalye na nagtamo ng mean na 4.41 na may deskripsyong "mahusay." Gayunpaman, may ilang puna ang mga tagasuri na may ilang balita na naglalaman ng halong opinyon, na hindi angkop sa pagsulat ng artikulong balita sapagkat kinakailangang manatiling obhetibo at nakabatay lamang sa mga makatotohanang impormasyon.

Pinakamababa man ngunit nananatiling "Mahusay" ang iskor sa domeyn na "Sinunod ang pamantayan at istilo ng pagsulat ng balita, kabilang ang wastong estruktura at presentasyon ng impormasyon" na may mean na 4.38. Ipinapahiwatig nito na maayos ang pagsunod sa pamantayan ngunit may puwang pa para sa pagpapaunlad sa teknikal na aspeto ng pagsulat. Sa artikulong "CSHI Namayagpag sa MSPC 2023," iminungkahi ng tagasuri ang "Magdagdag ng detalye" at "Maglagay ng background information." Dagdag pa rito, may ilang puna rin na "More" sa iba pang balita, na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng mas kumpletong paglalahad ng impormasyon.

Ipinapakita sa mga datos na ang mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan sa Lalawigan ng Tarlac ay nasa mataas na antas ng kalidad, partikular sa kahalagahan, kredibilidad, at organisasyon ng nilalaman.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sinusuportahan ng mga literatura na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng kalidad ng nilalaman sa pagsulat ng balita. Ayon kina Bachmann, Eisenegger, at Ingenhoff (2022), ang kalidad ng balita ay nakabatay sa katumpakan, kabuluhan, at kredibilidad ng impormasyong inilalahad. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Bojic et al. (2024) na mahalagang masukat ang balita batay sa pamantayang tulad ng obhetibidad, katumpakan, at pampublikong interes. Dagdag pa, ipinahayag ni Bleyer (1916) na ang mabuting balita ay dapat malinaw, maikli, at may kabuluhan sa mambabasa—na makikita rin sa mataas na marka ng mga mag-aaral sa aspeto ng kahalagahan at pagiging napapanahon ng balita.

Kaugnay nito, makikita rin sa pamantayan ng Artikulong Balita sa National Press Conference na ang Nilalaman na may kabuoang 50%, sinasabing ang mahusay na balita ay gumagamit ng angkop na pamatnubay, malinaw na presentasyon ng pinakamahalagang detalye, at lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Ang mataas na marka ng mga mag-aaral ay nagpapahiwatig na natugunan nila ang mga pamantayang ito, partikular sa pagkuha ng atensyon ng mambabasa at pagbibigay-diin sa mahahalagang impormasyon.

Binibigyang-diin sa talahayanan sa ibaba ang resulta batay sa kahalagahan ng maayos na daloy ng ideya, malinaw na pagkakabuo ng simula, gitna, at wakas, at lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga impormasyon sa pagsulat ng balita.

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**B. Organisasyon**

**Talahanayan 2**
**Ang Antas ng Kalidad ng mga Artikulong Balita sa mga Pampaaralang Pahayagan sa mga Pampublikong Paaralan Batay sa Organisasyon**

| Domeyn | T1 | T2 | T3 | Overall mean |
|---|---|---|---|---|
| 1. Inilahad ang mga detalye ng pangyayari ayon sa pinakamahalagang impormasyon bago ang mga pantulong na detalye. | 4.06 | 4.82 | 4.68 | 4.47 |
| 2. Sumusunod sa kumbensiyonal na estruktura ng balita na nakabatay sa prinsipyong baligtad na tatsulok. | 3.74 | 4.82 | 4.64 | 4.34 |
| 3. Naipapakita ang kakayahan ng manunulat sa sistematikong pag-oorganisa ng datos at ideya upang maging malinaw, maayos, at madaling maunawaan ang balita. | 3.78 | 4.68 | 4.58 | 4.31 |
| 4. Tinitiyak ang pagkakaisa ng nilalaman sa pamamagitan ng pagpokus sa iisang pangunahing paksa o isyu sa buong ulat. | 3.88 | 4.74 | 4.66 | 4.40 |
| 5. Ang bawat talata sa balita ay may iisang pangunahing ideya. | 3.90 | 4.82 | 4.66 | 4.41 |
| 6. Gumagamit ng angkop at epektibong transisyon upang mapagdugtong-dugtong ang mga talata at mapanatili ang maayos na daloy ng impormasyon. | 3.80 | 4.08 | 4.28 | 4.12 |
| 7. Pinipili lamang ang mga detalyeng tuwirang kaugnay ng paksa upang mapanatili ang pokus at organisasyon ng balita. | 3.80 | 4.76 | 4.68 | 4.39 |
| 8. Tinitiyak na ang bawat talata ay may tiyak na layunin at malinaw na ambag sa kabuuang pagtalakay ng balita. | 3.74 | 4.78 | 4.64 | 4.34 |
| **Overall mean** | **3.84** | **4.69** | **4.60** | **4.35** |

Leyenda:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.51 – 5.00 | Napakahusay | 1.51 – 2.50 | Mahina |
| 3.51 – 4.50 | Mahusay | 1.00 – 1.50 | Napakahina |
| 2.51 – 3.50 | Katamtaman | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan ng mga pampublikong paaralan sa Lalawigan ng Tarlac batay sa organisasyon. Sa kabuuan, nakakuha ito ng *Overall mean* na 4.35 na may deskripsyong "Mahusay," na nangangahulugang ang mga balita ay maayos na naipapakita ang organisadong daloy ng ideya at impormasyon.

Ang domeyn na nakakuha ng pinakamataas batay sa Talahanayan 2 ay ang "Inilahad ang mga detalye ng pangyayari ayon sa pinakamahalagang impormasyon bago ang mga pantulong na detalye" na may mean na 4.47. Ipinapakita nito na mahusay na naipapahayag ng mga manunulat ang balita sa pamamagitan ng tamang paglalatag ng pangunahing impormasyon sa unahan. Gayunpaman, sa ilang ulat ay kinakailangan pa ring tiyakin ang mas malinaw at tuwirang presentasyon ng datos upang mapanatili ang diin sa pinakamahalagang detalye.

Kaugnay nito, ang mga artikulong "MATATAG Curriculum, Suportado ng mga Guro," "Ikawalong Kampeonato sa Silawan Street Dance, Nakamit ng CCAHS-PA," at iba pang artikulong balita ng Corazon C. Aquino High School ay nakakuha ng mataas na marka mula sa mga tagasuri, na nagpapakita ng mahusay na pagsunod sa tamang pag-oorganisa ng mahahalagang impormasyon sa pagsulat ng balita.

Ikalawa, ang "Ang bawat talata sa balita ay may iisang pangunahing ideya" ay may mean na 4.41. Ipinapakita nito na karaniwang organisado ang pagkakabuo ng mga talata. Gayunpaman, may ilang pagkakataon na napansin ang pag-uulit ng ideya, tulad sa balitang "Bayanihan para sa Kalinisan ng Paaralan, Pinagtibay ng YES-O," kung saan may mga bahaging inuulit ang impormasyon na maaaring alisin upang maging mas malinaw, maikli, at tuwirang maipahayag ang mensahe ng talata.

Ang "Tinitiyak ang pagkakaisa ng nilalaman sa pamamagitan ng pagpokus sa iisang pangunahing paksa o isyu sa buong ulat" ay may mean na 4.40. Ipinapakita nito na sa pangkalahatan ay may malinaw na pokus ang mga artikulo, subalit may ilang talata na maaaring ilipat o ayusin, gaya ng sa artikulong "Iskolar ng bayan, suportado ng CTISIP!" kung saan iminungkahi ng tagasuri na ilagay sa huling bahagi ang isang talata upang mas maging maayos ang daloy ng impormasyon.

Kasunod naman nito ang "Pinipili lamang ang mga detalyeng tuwirang kaugnay ng paksa upang mapanatili ang pokus at organisasyon ng balita" na may mean na 4.39. Ipinapakita nito na maayos ang pagpili ng mga impormasyong inilalahad sa mga balita upang mapanatili ang pokus ng paksa. Katulad ng artikulong "Mga Estudyante ng TNHS, Sumulong sa Work Immersion," at iba pang katulad na ulat, makikitang ang mga mahahalagang detalye lamang ang isinama na nakatutulong upang maging malinaw at organisado ang daloy ng balita.

Ipinakita rin sa dalawang domeyn na ito na "Tinitiyak ang pagkakaisa ng nilalaman sa pamamagitan ng pagpokus sa iisang pangunahing paksa o isyu sa buong ulat" at ang "Tinitiyak na ang bawat talata ay may tiyak na layunin at malinaw na ambag sa kabuuang pagtalakay ng balita" ay kapwa may mean na 4.34. Ipinapakita nito na sa pangkalahatan ay may malinaw na pokus ang mga artikulo, subalit may ilang talata na maaaring ilipat o ayusin, gaya ng sa artikulong "Iskolar ng bayan, suportado ng CTISIP!" kung saan iminungkahi ng tagasuri na ilagay sa huling bahagi ang isang talata upang mas maging maayos ang daloy ng impormasyon.

Sumunod naman ang domeyn na "Naipapakita ang kakayahan ng manunulat sa sistematikong pag-oorganisa ng datos at ideya upang maging malinaw, maayos, at madaling maunawaan ang balita" na may mean na 4.31. Ipinapakita nito na naisasagawa ng mga manunulat ang maayos na pag-oorganisa ng impormasyon sa kanilang mga balita. Gayunpaman, may ilang ulat pa ring nangangailangan ng pagpapaunlad sa tamang pagkakasunod-sunod ng impormasyon upang higit na maging malinaw at episyente ang presentasyon, bagama't karamihan ay sumusunod sa nasabing pamantayan.

Ang pinakamababa sa lahat ng mga domeyn ay ang "Naipapakita ang kakayahan ng manunulat sa sistematikong pag-oorganisa ng datos at ideya upang maging malinaw, maayos, at madaling maunawaan ang balita" na may mean na 4.31 at ang "Tinitiyak ang angkop at epektibong transisyon upang mapagdugtong-dugtong ang mga talata" na may mean na 4.12. Ipinapakita nito ang pangangailangan na higit pang mapalakas ang paggamit ng transisyonal na salita upang maging mas malinaw at maayos ang daloy ng mga ideya sa balita.

Sa artikulong "IPs, Bida sa Outreach," binigyang-puna na kulang ang paggamit ng mga transitional devices gaya ng "subalit," "gayunpaman," "kaya," at "samakatuwid," na mahalaga sa pag-uugnay ng mga talata. Binilugan din ng mga tagasuri ang ilang transisyonal na salitang hindi angkop, tulad ng "pero," at sa halip ay nagmungkahi sila ng mas pormal at angkop na alternatibo. May ilang pagkakataon ding nagdagdag ang mga tagasuri ng wastong transisyonal na salita upang higit pang mapabuti ang daloy at kabuuang kalidad ng artikulo. Sa kabuuan, nakatutok ang mga balita sa pangunahing paksa, ngunit may ilang bahagi pa ring maaaring linisin upang maiwasan ang labis o hindi na kailangang detalye.

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Ang datos ay nagpapakita na ang mga artikulong balita ay nasa antas na "Mahusay" sa aspeto ng organisasyon, na may malakas na pagsunod sa estruktura ng balita ngunit may ilang aspekto pa na maaaring pagtuunan ng pansin para sa higit pang pagpapabuti.

Ang kinalabasan ng pag-aaral hinggil sa organisasyon ay umaayon sa mga pag-aaral na nagpapakita ng kahalagahan ng estruktura sa pagsulat ng balita. Ayon kay Bleyer (1916), ang paggamit ng baligtad na tatsulok ay mahalaga upang maipakita agad ang pinakamahalagang impormasyon. Sinusuportahan din ito nina Oguan at Del Valle (2022) na nagsabing ang maayos na organisasyon ng ideya at estruktura ng pangungusap ay nakatutulong sa malinaw na pag-unawa ng mambabasa. Gayundin, ipinakita sa pag-aaral nina Donasco (2025) na bagama't may kakayahan ang mga mag-aaral sa nilalaman, kinakailangan pa ng pagpapabuti sa organisasyon at estruktura ng kanilang pagsulat.

Ito ay tuwirang kaugnay sa pamantayan ng Artikulong Balita sa National Press Conference na Organisasyon na may kabuoang marka na 40%, kung saan inaasahang naiaayos ang detalye batay sa kahalagahan, may malinaw na pamatnubay, at sumusunod sa prinsipyo ng kaisahan at pagkasunod-sunod. Ipinapakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may kakayahang magsunod-sunod ng impormasyon at gumamit ng angkop na transisyon, bagama't maaaring paunlarin pa ang mas sistematikong daloy ng ideya.

Batay sa talahanayan, inilalahad ang pagsusuri sa mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan batay sa bokabularyo, na nagbibigay-diin sa angkop, malinaw, at epektibong paggamit ng mga salita sa pagsulat ng balita.

**C. Bokabolaryo**

**Talahanayan 3**
**Ang Antas ng Kalidad ng mga Artikulong Balita sa mga Pampaaralang Pahayagan sa mga Pampublikong Paaralan Batay sa Bokabolaryo**

| Domeyn | T1 | T2 | T3 | Overall mean |
|---|---|---|---|---|
| 1. Gumagamit ng malinaw at neutral na bokabularyo upang maiwasan ang salitang may kontrobersyal o dobleng kahulugan. | 3.96 | 4.74 | 4.80 | 4.50 |
| 2. Pinili ang maiikli at simpleng salita upang mas madaling maunawaan ng mambabasa. | 3.88 | 4.80 | 4.84 | 4.51 |
| 3. Pinapanatili ang obhektibidad sa pamamagitan ng pag-iwas sa personal na pananaw o opinyon. | 3.94 | 4.94 | 4.62 | 4.50 |
| 4. Tiniyak na ang bawat salita ay may tuwirang kaugnayan sa paksa at layunin ng balita. | 3.94 | 4.82 | 4.80 | 4.52 |
| 5. Ang mga salitang ginamit ay naaayon sa antas ng kaalaman at interes ng target na mambabasa. | 4.04 | 4.96 | 4.84 | 4.61 |
| 6. Iniiwasan ang paggamit ng kolokyal, impormal, o di-pamantayang salita maliban kung may malinaw na dahilan. | 3.72 | 4.74 | 4.86 | 4.44 |
| 7. Pinapanatili ang wastong kahulugan, gamit, at konotasyon ng mga salitang ginagamit batay sa pamantayang lingguwistiko. | 4.00 | 4.86 | 4.74 | 4.53 |
| 8. Hindi gumagamit ng salitang mapanira, mapanlait, diskriminatibo, may implikasyong pagkiling, o maaaring magdulot ng libelo | 4.34 | 4.94 | 4.86 | 4.71 |
| **Overall mean** | **3.98** | **4.85** | **4.80** | **4.54** |

Leyenda:
4.51 – 5.00 Napakahusay 1.51 – 2.50 Mahina

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3.51 – 4.50 | Mahusay | 1.00 – 1.50 | Napakahina |
| 2.51 – 3.50 | Katamtaman | | |

Batay sa Talahanayan 3, makikita na pangkalahatang nakapagtamo ang mga artikulong balita ng mataas na antas ng kalidad batay sa bokabolaryo na may kabuuang Overall mean na 4.54, na nangangahulugang "Napakahusay." Ipinapakita nito na sa kabuuan, ang mga manunulat ng pampaaralang pahayagan ay gumagamit ng mga salitang angkop, malinaw, at naaayon sa pamantayan ng pagsulat ng balita. Gayunpaman, may ilang aspekto pa ring nangangailangan ng higit na pagpapabuti upang higit na mapataas ang kalidad ng bokabularyong ginagamit sa pagsulat ng balita.

Pinakamataas sa lahat ng domeyn ang "Hindi gumagamit ng salitang mapanira, mapanlait, diskriminatibo, may implikasyong pagkiling, o maaaring magdulot ng libelo" na nagtamo ng Overall mean na 4.71. Ipinahihiwatig nito na lubos na isinasaalang-alang ng mga manunulat ang etikal na paggamit ng wika sa pagbabalita. Naipakita sa mga artikulo ang pag-iwas sa mga salitang maaaring makasira sa dangal o magdulot ng maling interpretasyon sa mga indibidwal o institusyon. Kaugnay nito, ipinakita rin ng mga tagasuri ang kahalagahan ng pagiging maingat sa pagpili ng salita, lalo na sa pagbuo ng pamagat ng balita.

Sa balitang "Bagong Ulo ng Paaralan ng PNHS, Binigyang Pugay," iminungkahi ng tagasuri na palitan ang salitang "ulo" ng "lider" upang maiwasan ang kalituhan at dalawahang kahulugan. Binigyang-diin din na sa pag-uulo ng balita ay kailangang umiwas sa mga salitang maaaring magdulot ng maling pagpapakahulugan upang maging malinaw at tiyak ang mensahe ng balita. Ipinakikita nito na mahalagang sangkap ng mahusay na bokabularyo ang pagiging obhektibo, maingat, at sensitibo sa implikasyon ng mga salita.

Pangalawa sa pinakamataas ang domeyn na "Ang mga salitang ginamit ay naaayon sa antas ng kaalaman at interes ng target na mambabasa" na may Mean na 4.61. Ipinahihiwatig nito na matagumpay na nakapagpili ang mga manunulat ng mga salitang madaling maunawaan ng kanilang target na mambabasa. Ang paggamit ng payak ngunit makabuluhang bokabularyo ay nakatutulong upang maging malinaw at episyente ang paghahatid ng impormasyon.

Gayunpaman, napansin ng mga tagasuri na marami pa ring salitang Ingles ang ginamit sa ilang artikulo kahit mayroon namang katumbas sa Filipino gaya ng "library," "buyer," "planning," at marami pang iba. Ipinapakita ng obserbasyong ito na bagama't naaabot ng mga manunulat ang interes at antas ng mambabasa, kinakailangan pa ring higit na pagtuunan ng pansin ang pagpili ng mga salitang higit na angkop sa wikang Filipino upang mapanatili ang pagiging pormal at makabansa ng sulatin.

Pangatlo naman ang domeyn na "Pinapanatili ang wastong kahulugan, gamit, at konotasyon ng mga salitang ginagamit batay sa pamantayang lingguwistiko" na nagtamo ng Mean na 4.53. Ipinakikita nito na sa pangkalahatan ay may sapat na kaalaman ang mga manunulat sa wastong gamit ng mga salita at sa pagpapanatili ng angkop na kahulugan ng mga ito sa konteksto ng balita. Gayunpaman, may mga pagkakataong napansin ng mga tagasuri ang hindi angkop na paggamit ng ilang salita. Halimbawa, sa pahayag na "Mula sa butil ng mga buto…" ay iminungkahi ng tagasuri na "pagtuunan ng pansin ang gamit ng mga salita." Ipinahihiwatig nito na mahalaga ang masusing pagpili ng salita upang maiwasan ang kalabisan, kalituhan, o hindi angkop na pagpapahayag na maaaring makaapekto sa linaw at kredibilidad ng balita.

Sumunod dito ang domeyn na "Tiniyak na ang bawat salita ay may tuwirang kaugnayan sa paksa at layunin ng balita" na may Overall mean na 4.52. Ipinakikita nito na malinaw at may direksiyon ang mga

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

salitang ginagamit sa mga artikulo. Naipapahayag nang tuwiran ang mahahalagang impormasyon nang hindi lumalayo sa pangunahing layunin ng balita.

Kapantay naman halos nito ang domeyn na "Pinili ang maiikli at simpleng salita upang mas madaling maunawaan ng mambabasa" na nagtamo ng Mean na 4.51. Ipinahihiwatig nito na mahusay na naisasagawa ng mga manunulat ang paggamit ng payak at madaling maunawaang bokabularyo. Ang paggamit ng maiikli at simpleng salita ay mahalagang katangian ng mahusay na pagsulat ng balita sapagkat nakatutulong ito upang mabilis na maunawaan ng mambabasa ang nilalaman ng artikulo. Gayunpaman, mahalagang mapanatili ang balanse sa pagitan ng pagiging payak at pagiging tiyak ng mga salitang ginagamit upang hindi mawala ang lalim at katumpakan ng impormasyon.

Kapwa naman nagtamo ng Mean na 4.50 ang mga domeyn na "Gumagamit ng malinaw at neutral na bokabularyo upang maiwasan ang salitang may kontrobersyal o dobleng kahulugan" at "Pinapanatili ang obhektibidad sa pamamagitan ng pag-iwas sa personal na pananaw o opinyon." Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay nagiging maingat ang mga manunulat sa paggamit ng mga salitang obhektibo at walang kinikilingan.

Kaugnay nito, may mga puna ang mga tagasuri hinggil sa pag-uulit ng mga salita sa ilang bahagi ng artikulo. Ayon sa kanila, "hangga't maaari iwasan ang pag-uulit ng mga salita, kailangang maging malinaw lalo na sa pamatnubay." Ipinapakita nito na ang pagiging episyente sa pagpili ng salita ay mahalaga upang mapanatili ang linaw, organisasyon, at pagiging propesyonal ng balita.

Karagdagan nito ay binigyang-pansin ng mga tagasuri ang ilang terminolohiyang nangangailangan ng rebisyon upang higit na maging angkop at pormal ang pagpapahayag. Halimbawa, sa balitang "TNHS, layong paigtingin mga research initiatives sa paaralan," iminungkahi ng tagasuri na palitan ang terminolohiyang "nakilala muli" ng "muling kinilala" upang maging mas maayos at gramatikal ang pagkakalahad. Ipinakikita nito na mahalagang mapanatili hindi lamang ang obhektibidad kundi maging ang kaangkupan at kalinawan ng mga terminolohiyang ginagamit sa balita.

Samantala, pinakamababa sa lahat ng domeyn ang "Iniiwasan ang paggamit ng kolokyal, impormal, o di-pamantayang salita maliban kung may malinaw na dahilan" na may Mean na 4.44, bagama't nananatili pa rin itong may interpretasyong Napakataas. Ipinapakita nito na may ilang pagkakataon pa ring gumagamit ng mga salitang hindi ganap na pormal o hindi naaayon sa pamantayang lingguwistiko sa pagsulat ng balita.

Katunayan, nagbigay ng puna ang tagasuri na, "Gumamit ng angkop na salita upang maipahayag nang wasto ang ideya," kaugnay ng paggamit ng salitang "nag-a-agree." Ang obserbasyon ng mga tagasuri hinggil sa paggamit ng mga salitang Ingles kahit may katumbas namang Filipino ay sumusuporta sa resulta ng domeyn na ito. Ipinahihiwatig nito na kinakailangan pang higit na malinang ang kasanayan ng mga manunulat sa paggamit ng pormal at pamantayang wikang Filipino upang mapanatili ang pagiging akademiko at propesyonal ng mga artikulong balita.

Ang mga datos ay nagpapakita na ang bokabularyong ginagamit sa mga artikulong balita ay nasa antas na "Napakahusay," na nagpapahiwatig ng mataas na kalidad, pagiging etikal, at angkop na paggamit ng wika sa pampaaralang pamamahayag.

Ang mataas na antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay sinusuportahan ng mga literatura hinggil sa wastong paggamit ng wika sa pamamahayag. Ayon kina Oguan at Del Valle (2022), mahalaga ang tamang pagpili ng salita, bokabularyo, at estruktura upang makalikha ng malinaw at epektibong sulatin. Dagdag pa, ipinakita sa pag-aaral nina Appelman at Schmierbach (2018) na ang maling paggamit ng salita at gramatika ay maaaring makaapekto sa kredibilidad ng balita.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Ipinapakita rin sa pag-aaral ni Hunahunan (2018) na ang kahinaan sa bokabularyo ay isa sa mga pangunahing suliranin ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng balita.

Kaugnay nito, ang pamantayan mula sa National Schools Press Conference sa Artikulong Balita, na nagsasaad ng paggamit ng maiikli at simpleng salita, pag-iwas sa mga salitang may dobleng kahulugan o kontrobersyal na pahayag, at pagiging malinaw ng headline. Ang mataas na marka ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng kanilang kakayahang pumili ng angkop at obhetibong bokabularyo na angkop sa pormal na estilo ng pagsulat ng balita.

Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng pagsusuri sa kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan batay sa paggamit ng wika. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng wastong gramatika, malinaw na pagpapahayag, at angkop na bokabularyo sa pagsulat ng balita.

**D. Paggamit ng Wika**

**Talahanayan 4**
**Ang Antas ng Kalidad ng mga Artikulong Balita sa mga Pampaaralang Pahayagan sa mga Pampublikong Paaralan Batay sa Paggamit ng Wika**

| Domeyn | T1 | T2 | T3 | Overall mean |
|---|---|---|---|---|
| 1. Wasto ang baybay ng mga salita batay sa umiiral na tuntunin sa ortograpiyang Filipino. | 4.36 | 4.88 | 4.62 | 4.62 |
| 2. Wasto ang paggamit ng mga bantas upang malinaw na maipahayag ang diwa at ugnayan ng mga pahayag. | 3.94 | 4.92 | 4.64 | 4.50 |
| 3. Wasto ang estrukturang sintaktikal ng mga pangungusap, kabilang ang maayos na pagkakabuo ng parirala at sugnay. | 3.96 | 4.92 | 4.74 | 4.54 |
| 4. Naaayong ang paggamit ng mga anyong morpolohikal, gaya ng angkop na panlapi at wastong aspekto at pokus ng pandiwa. | 4.04 | 4.86 | 4.86 | 4.59 |
| 5. Angkop at tiyak ang gamit ng mga salita batay sa konteksto o leksiko-semantikong katumpakan, at naiiwasan ang maling paggamit ng salita. | 3.94 | 4.90 | 4.80 | 4.55 |
| 6. Konsistent ang paggamit ng aspekto ng pandiwa at iba pang elementong gramatikal sa kabuuan ng teksto. | 4.00 | 4.96 | 4.82 | 4.59 |
| 7. Malinaw at hindi baluktot ang pagkakalahad ng mga pahayag, na nagpapakita ng maayos na ugnayan ng paksa at panaguri. | 3.86 | 4.86 | 4.80 | 4.51 |
| 8. Angkop ang antas ng pormalidad at estilo ng wika, at nakatutulong ito sa pagpapanatili ng propesyonalismo ng akademikong sulatin o balita. | 3.94 | 4.90 | 4.74 | 4.53 |
| **Overall mean** | **4.01** | **4.90** | **4.75** | **4.55** |

Leyenda:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.51 – 5.00 | Napakahusay | 1.51 – 2.50 | Mahina |
| 3.51 – 4.50 | Mahusay | 1.00 – 1.50 | Napakahina |
| 2.51 – 3.50 | Katamtaman | | |

Batay sa Talahanayan, nakapagtamo ang kalidad ng mga artikulong balita ng kabuuang *Overall mean* na 4.55 na may interpretasyong *Napakataas*. Ipinapakita nito na sa pangkalahatan ay mahusay ang

paggamit ng mga manunulat sa aspektong panggramatika, kabilang ang ortograpiya, sintaks, morpolohiya, leksiko-semantiko, at iba pang elementong pangwika na mahalaga sa pagsulat ng akademikong balita. Gayunpaman, bagama't mataas ang marka ng mga artikulo, lumitaw pa rin sa mga puna ng tagasuri ang ilang kahinaang dapat pagtuunan ng pansin upang higit na mapahusay ang kalidad ng pagsulat.

Pinakamataas sa lahat ng domeyn ang "Wasto ang baybay ng mga salita batay sa umiiral na tuntunin sa ortograpiyang Filipino" na nagtamo ng Mean na 4.62. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay nasusunod ng mga manunulat ang pamantayan sa wastong baybay ng mga salita. Gayunpaman, napansin pa rin ng mga tagasuri ang ilang kamalian sa ortograpiya tulad ng pag-uulit o pagkakabawas ng titik sa mga salita gaya ng "pagsusulat" at "hurada." Dahil dito, binigyang-diin ng tagasuri na "kailangang basahing muli upang maiwasto ang baybay ng mga salita." Ipinakikita ng puna na mahalagang magkaroon ng masusing pagrebisa at proofreading sa mga artikulo upang matiyak ang kawastuhan ng ortograpiya at mapanatili ang kredibilidad ng balita.

Gayundin, napansin sa mga artikulong balita ang wastong paggamit ng malalaki at maliliit na titik, lalo na sa mga pantangi at pambalana na pangngalan. Ipinakikita nito na may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral-manunulat sa mga batayang tuntunin ng ortograpiya at mekaniks sa pagsulat ng balita. Ang tamang paggamit ng kapitalisasyon ay mahalagang aspekto ng pagsulat sapagkat nakatutulong ito upang maging malinaw, maayos, at pormal ang presentasyon ng impormasyon. Bukod dito, pinatitibay nito ang pagiging organisado at propesyonal ng pagkakalahad ng balita, na isa sa mga mahalagang pamantayan sa pampaaralang pamamahayag.

Dagdag pa rito, napansin din ng tagasuri na kinakailangang maging wasto ang paghahati ng mga salita kapag ito ay napuputol sa isang linya. Binigyang-diin niya na hindi dapat mali ang pagpapantig sapagkat maaaring mabago ang kahulugan ng salita at makaapekto ito sa kalinawan ng pahayag. Halimbawa nito ang salitang "pamamaraan" na maling hinati bilang "pam-aaraan" sa halip na wastong pagpapantig na "pamama-raan."

Pumangalawa naman ang mga domeyn na "Naaayon ang paggamit ng mga anyong morpolohikal, gaya ng angkop na panlapi at wastong aspekto at pokus ng pandiwa" at "Konsistent ang paggamit ng aspekto ng pandiwa at iba pang elementong gramatikal sa kabuuan ng teksto" na kapwa nagtamo ng Mean na 4.59. Ipinahihiwatig nito na mahusay na naisasagawa ng mga manunulat ang paggamit ng wastong anyong pandiwa at mga panlapi sa pagsulat ng balita. Gayunpaman, may ilang puna ang mga tagasuri hinggil sa maling paggamit ng aspekto ng pandiwa at panlapi sa ilang salita. Halimbawa, itinuwid ng tagasuri ang paggamit ng "sasali" na dapat ay "sumali," "pababa" na dapat ay "bumababa," at "ibibili" na dapat ay "pambili." Ipinakikita nito na bagama't mataas ang antas ng kasanayan sa morpolohiya, kinakailangan pa ring palalimin ang kaalaman ng mga manunulat hinggil sa wastong pagbubuo ng salita at paggamit ng mga panlapi upang mapanatili ang kawastuhan at kalinawan ng pahayag.

Pangatlo sa pinakamataas ang domeyn na "Angkop at tiyak ang gamit ng mga salita batay sa konteksto o leksiko-semantikong katumpakan, at naiiwasan ang maling paggamit ng salita" na may Mean na 4.55. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay mahusay na naipipili ng mga manunulat ang mga salitang naaayon sa konteksto ng balita. Gayunpaman, binigyang-pansin ng tagasuri ang ilang pahayag na nangangailangan ng masusing pagsusuri upang matiyak ang wastong gamit ng mga salita.

Halimbawa, sa siniping pahayag na "Ang ganitong mga balita ay nakagugulat at dapat maging matauhan tayo bilang isang komunidad," isinaad ng tagasuri na "kailangang basahing muli upang matiyak kung tama ang pagkakagamit ng mga salita." Ipinahihiwatig nito na mahalaga ang pagiging maingat sa

ISSN:3116-4692

pagpili ng salita upang maiwasan ang pagkakaroon ng di-angkop na kahulugan o emosyonal na pagpapahayag na maaaring makaapekto sa obhektibidad ng balita.

Sumunod dito ang domeyn na "Wasto ang estrukturang sintaktikal ng mga pangungusap, kabilang ang maayos na pagkakabuo ng parirala at sugnay" na nagtamo ng Mean na 4.54. Ipinakikita nito na sa pangkalahatan ay maayos ang pagkakabuo ng mga pangungusap at malinaw ang organisasyon ng mga ideya sa mga artikulo. Naipapakita ng mga manunulat ang kakayahang bumuo ng mga pangungusap na may wastong ugnayan ng mga parirala at sugnay. Gayunpaman, mahalaga pa ring paigtingin ang kasanayan sa sintaks upang maiwasan ang mga pangungusap na maaaring magdulot ng kalituhan o hindi malinaw na pagpapahayag.

Kasunod naman nito ang domeyn na "Angkop ang antas ng pormalidad at estilo ng wika, at nakatutulong ito sa pagpapanatili ng propesyonalismo ng akademikong sulatin o balita" na may Mean na 4.53. Ipinapakita nito na napapanatili ng mga manunulat ang pormalidad at propesyonal na estilo sa pagsulat ng balita. Ang paggamit ng pormal na wika ay mahalagang katangian ng akademikong pagsulat sapagkat nakatutulong ito sa pagpapanatili ng kredibilidad at pagiging obhektibo ng artikulo. Gayunpaman, may ilang pagkakataon pa ring kinakailangang paigtingin ang pagiging pormal at teknikal ng pagpapahayag upang higit na maging angkop sa pamantayan ng pamamahayag.

Pumang-anim naman ang domeyn na "Malinaw at hindi baluktot ang pagkakalahad ng mga pahayag, na nagpapakita ng maayos na ugnayan ng paksa at panaguri" na nagtamo ng Mean na 4.51. Ipinahihiwatig nito na sa kabuuan ay malinaw ang pagpapahayag ng mga ideya sa mga artikulo. Gayunpaman, may ilang pagkakataong kinakailangang ayusin pa ang pagkakabuo ng mga pahayag upang maging higit na tuwiran at madaling maunawaan ng mambabasa. Ang malinaw na ugnayan ng paksa at panaguri ay mahalaga upang maging episyente ang paghahatid ng impormasyon sa balita.

Pinakamababa naman sa lahat ng domeyn ang "Wasto ang paggamit ng mga bantas upang malinaw na maipahayag ang diwa at ugnayan ng mga pahayag" na nagtamo ng Mean na 4.50, bagama't nananatili pa rin itong may interpretasyong Napakataas. Ipinahihiwatig nito na bagama't mahusay ang paggamit ng mga bantas sa pangkalahatan, ito pa rin ang aspektong higit na nangangailangan ng pagpapabuti kumpara sa iba pang domeyn.

Sa artikulong "Backyard Camping, dinumog ng PNHSians," binigyang-diin ng tagasuri na "kailangang alamin ang tamang gamit ng 'kuwit' na bantas kung saan ito dapat ilagay." Dagdag pa rito, ipinunto rin ng tagasuri na sa pagsisipi ng pahayag ay "dapat unahin ang kuwit o tuldok bago ang panipi." Ipinapakita ng mga puna na mahalagang mapalalim pa ang kaalaman ng mga manunulat sa wastong tuntunin ng pagbabantas upang mapanatili ang kalinawan at wastong daloy ng ideya sa balita.

Bukod dito, binigyang-pansin din ng mga tagasuri ang wastong tuntunin sa pagsulat ng mga bilang. Ayon sa kanila, ang mga bilang mula 0–9 ay kailangang nakasulat sa salita samantalang ang 11 pataas ay kailangang nakasulat sa numero. Gayunpaman, kapag tumutukoy sa petsa, kinakailangang panatilihing naka-figure o numerikal ang pagsulat gaya ng "ika-6 ng Nobyembre" sa halip na "ika-anim ng Nobyembre." Ipinahihiwatig nito na mahalagang maisaalang-alang ng mga manunulat hindi lamang ang gramatika kundi maging ang teknikal na tuntunin sa pagsulat ng balita upang higit na maging wasto, malinaw, at propesyonal ang kanilang mga artikulo.

Isa pang kahinaang napansin ng mga tagasuri ay ang pag-uulit ng buong pangalan ng tao sa mga sumunod na talata ng balita, kahit na nabanggit na ito sa pamatnubay o sa mas naunang bahagi ng artikulo. Ipinahihiwatig nito na may kakulangan sa pagsunod sa tuntunin ng pagsulat ng balita na dapat ay iwasan ang hindi kailangang pag-uulit upang maging mas maikli, malinaw, at organisado ang daloy ng

impormasyon. Sa halip, maaaring gumamit ng apelyido o panghalip upang maiwasan ang redundansiya sa teksto.

Napansin din ng mga tagasuri na sa ilang artikulo ay hindi na nagagamit ang mga panlaping pangalang tulad ng Gng., G., at Bb. sa pagtukoy sa mga tao. Ang kawalan ng ganitong pamantayang pagtukoy ay maaaring makaapekto sa pormalidad at propesyonal na tono ng balita. Sa larangan ng pampaaralang pamamahayag, mahalagang mapanatili ang angkop na pagtukoy sa mga indibidwal upang maipakita ang respeto at pagsunod sa istandard na estilo ng pagsulat ng balita.

Ang resulta ng mataas na antas ng paggamit ng wika ay sinusuportahan ng mga pag-aaral hinggil sa kahalagahan ng gramatika at estruktura sa pamamahayag. Ayon kina Oguan at Del Valle (2022), ang wastong paggamit ng gramatika, sintaks, at bokabularyo ay mahalaga sa pagbuo ng malinaw na sulatin. Samantala, ipinakita nina Beede at Mulnix (2017) na ang mga pagkakamali sa gramatika ay may epekto sa kredibilidad ng balita. Gayundin, natuklasan ni Hunahunan (2018) na ang mga karaniwang pagkakamali sa pandiwa at estruktura ng pangungusap ay nakaaapekto sa kalidad ng sulatin, kaya't mahalaga ang mataas na kasanayan sa paggamit ng wika.

Ito ay nakaangkla rin sa pamantayan ng National Schools Press Conference sa Artikulong Balita, partikular sa pagsunod sa tuntunin ng gramatika at sintaks, paggamit ng angkop na transisyon, at pagsunod sa gender-fair language. Ipinapakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may sapat na kasanayan sa teknikal na aspeto ng wika na mahalaga sa kredibilidad at kalinawan ng balita.

Binibigyang-diin sa talahanayan sa ibaba ang mahahalagang aspekto ng responsableng pamamahayag, tulad ng katapatan, integridad, at paggalang sa karapatan ng iba.

**E. Etikal na Pamantayan**

**Talahanayan 5**
**Ang Antas ng Kalidad ng mga Artikulong Balita sa mga Pampaaralang Pahayagan sa mga Pampublikong Paaralan Batay sa Etikal na Pamantayan**

| Domeyn | T1 | T2 | T3 | Overall mean |
|---|---|---|---|---|
| 1. Ang balita ay may malinaw na patunay na ito ay orihinal na gawa ng mga mag-aaral at walang anumang anyo ng plagyarismo. | 4.96 | 4.98 | 4.98 | 4.97 |
| 2. Ang balita ay may wastong pagbanggit at pagkilala sa pinagmulan ng impormasyon alinsunod sa batas ng karapatang-ari at intelektuwal na pag-aari. | 4.72 | 5.00 | 4.94 | 4.89 |
| 3. Ang balita ay may tumpak at beripikadong datos, kabilang ang mga pangalan, petsa, at pangyayari. | 4.58 | 5.00 | 4.92 | 4.83 |
| 4. Ang balita ay may patas, balanse, at obhetibong paglalahad ng iba't ibang panig ng isyu. | 4.36 | 4.98 | 4.76 | 4.70 |
| 5. Ang balita ay may pag-iwas sa mapanirang pahayag, insinuasyon, at anumang nilalamang libeloso o malaswa. | 4.56 | 5.00 | 4.94 | 4.83 |
| 6. Ang balita ay may paggalang sa dignidad, reputasyon, at karapatan ng mga taong binanggit. | 4.66 | 5.00 | 4.90 | 4.85 |
| 7. Ang balita ay may kaugnayan at kabuluhan sa interes at kapakinabangan ng mambabasa. | 4.68 | 5.00 | 5.00 | 4.89 |
| 8. Ang balita ay may pagsunod sa mga pamantayan ng responsableng pamamahayag at sa mga prinsipyo ng Kredo ng Pamamahayag. | 4.68 | 5.00 | 4.98 | 4.89 |

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 9. Ang balita ay may malinaw na pagpapahalaga sa katotohanan, katarungan, at dangal ng tao. | 4.66 | 5.00 | 4.98 | 4.88 |
| **Overall mean** | **4.65** | **5.00** | **4.93** | **4.86** |

Leyenda:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.51 – 5.00 | Napakahusay | 1.51 – 2.50 | Mahina |
| 3.51 – 4.50 | Mahusay | 1.00 – 1.50 | Napakahina |
| 2.51 – 3.50 | Katamtaman | | |

Batay sa Talahanayan, nakapagtamo ang mga artikulong balita ng kabuuang Overall mean na 4.86 na may interpretasyong Napakataas. Ipinapakita nito na sa pangkalahatan ay mataas ang antas ng pagsunod ng mga manunulat sa mga etikal na pamantayan sa pamamahayag. Naipakita sa mga artikulo ang pagpapahalaga sa katotohanan, pagiging obhetibo, paggalang sa karapatan ng tao, at pagsunod sa mga prinsipyong nakapaloob sa responsableng pamamahayag. Gayunpaman, may ilang puna pa rin ang mga tagasuri na nagpapakita ng pangangailangang higit pang paigtingin ang kamalayang etikal ng mga manunulat, lalo na sa usapin ng pagiging sensitibo sa identidad at karapatan ng mga taong sangkot sa balita.

Pinakamataas sa lahat ng domeyn ang "Ang balita ay may malinaw na patunay na ito ay orihinal na gawa ng mga mag-aaral at walang anumang anyo ng plagyarismo" na nagtamo ng Mean na 4.97. Ipinahihiwatig nito na ang mga artikulong sinuri ay nagpapakita ng pagiging malikhain at tapat sa pagsulat. Naipakita ng mga mag-aaral ang sariling pagbuo ng balita at pag-iwas sa pangongopya ng ideya o nilalaman mula sa ibang sanggunian. Ipinakikita rin nito na may sapat na kamalayan ang mga manunulat hinggil sa kahalagahan ng akademikong integridad at pagiging responsable sa paggamit ng impormasyon.

Pumangalawa naman ang mga domeyn na "Ang balita ay may wastong pagbanggit at pagkilala sa pinagmulan ng impormasyon alinsunod sa batas ng karapatang-ari at intelektuwal na pag-aari," "Ang balita ay may kaugnayan at kabuluhan sa interes at kapakinabangan ng mambabasa," at "Ang balita ay may pagsunod sa mga pamantayan ng responsableng pamamahayag at sa mga prinsipyo ng Kredo ng Pamamahayag" na kapwa nagtamo ng Overall mean na 4.89. Ipinahihiwatig nito na ang mga artikulo ay hindi lamang nagbibigay ng mahalagang impormasyon kundi nagpapakita rin ng pananagutan sa wastong paggamit at pagkilala sa pinagmulan ng datos. Naipakikita rin ng mga balita ang pagiging makabuluhan at kapaki-pakinabang sa komunidad ng paaralan at mambabasa. Ang mataas na marka sa mga domeyn na ito ay patunay na ang mga manunulat ay may kamalayan sa tungkulin ng pamamahayag bilang tagapaghatid ng makatotohanan at responsableng impormasyon.

Kasunod naman nito ang domeyn na "Ang balita ay may malinaw na pagpapahalaga sa katotohanan, katarungan, at dangal ng tao" na nagtamo ng Mean na 4.88. Ipinakikita nito na sa pangkalahatan ay isinasaalang-alang ng mga manunulat ang dignidad at karapatan ng mga taong binabanggit sa kanilang mga artikulo.

Gayunpaman, may isang artikulong pumukaw sa pansin ng mga tagasuri, ang balitang "GABAYAN HUWAG HUSGAHAN – Batang Ina sa CCAHS Tinulungan sa Modular Approach," kung saan inilagay ang buong pangalan ng babaeng sangkot sa balita. Ayon sa mga tagasuri, ang ganitong impormasyon ay maaaring ituring na sensitibo at kumpidensiyal, lalo na kung may posibilidad itong makaapekto sa dignidad, reputasyon, at pribadong buhay ng tao. Ipinahihiwatig nito na bagama't mataas ang antas ng pagpapahalaga sa katotohanan at dangal ng tao, kinakailangan pa ring higit na paigtingin ang etikal na kamalayan sa paghawak ng sensitibong impormasyon upang mapanatili ang paggalang sa karapatan at privacy ng mga indibidwal.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

Sumunod dito ang domeyn na "Ang balita ay may paggalang sa dignidad, reputasyon, at karapatan ng mga taong binanggit" na may Overall mean na 4.85. Ipinakikita nito na sa pangkalahatan ay maingat ang mga manunulat sa paglalahad ng impormasyon hinggil sa mga taong sangkot sa balita. Gayunpaman, ang pagbanggit ng buong pangalan ng isang "batang ina" sa naturang artikulo ay nagpapakita na may ilang pagkakataong hindi lubos na naisasagawa ang pagiging sensitibo sa identidad ng isang tao, lalo na kung ito ay may kaugnayan sa personal at maselang usapin. Dahil dito, mahalagang paigtingin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga alituntunin ng etikal na pagsulat, partikular sa pagprotekta sa identidad ng mga indibidwal na maaaring malagay sa alanganin o kahihiyan dahil sa paglalahad ng impormasyon.

Kasunod naman nito ang mga domeyn na "Ang balita ay may tumpak at beripikadong datos, kabilang ang mga pangalan, petsa, at pangyayari" at "Ang balita ay may pag-iwas sa mapanirang pahayag, insinuasyon, at anumang nilalamang libeloso o malaswa" na kapwa nagtamo ng Overall mean na 4.83. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay maingat ang mga manunulat sa pagbibigay ng wastong datos at pag-iwas sa mapanirang nilalaman. Naipakita rin ng mga artikulo ang pagiging responsable sa paglalahad ng impormasyon upang maiwasan ang maling interpretasyon at posibleng paglabag sa karapatan ng iba. Gayunpaman, mahalaga pa ring paigtingin ang pagsasanay sa fact-checking at ethical screening upang higit na mapanatili ang kredibilidad at integridad ng mga balita.

Pinakamababa naman sa lahat ng domeyn ang "Ang balita ay may patas, balanse, at obhetibong paglalahad ng iba't ibang panig ng isyu" na nagtamo ng Overall mean na 4.70, bagama't nananatili pa rin itong may interpretasyong "Napakataas." Ipinahihiwatig nito na bagama't mahusay ang pagsisikap ng mga manunulat na maging patas at obhetibo, may ilang pagkakataon pa ring kinakailangang higit na balansehin ang paglalahad ng impormasyon at pagtalakay sa mga isyu. Ang pagiging patas at obhetibo ay mahalagang sangkap ng responsableng pamamahayag sapagkat ito ang nagsisilbing batayan ng kredibilidad at tiwala ng mambabasa sa balita.

Sa kabuuan, ang datos ay nagpapakita na ang mga artikulong balita ay may napakataas na antas ng pagsunod sa etikal na pamantayan, na sumasalamin sa pagiging responsable, makatarungan, at mapanagot ng mga mag-aaral bilang mga mamamahayag.

Ang napakataas na antas ng etikal na pamantayan ay umaayon sa mga umiiral na batas at literatura sa pamamahayag. Ayon sa Republic Act 7079 o Campus Journalism Act of 1991, mahalagang mapanatili ang responsableng pamamahayag sa mga paaralan. Dagdag pa, ipinahayag ni Docallas (2023) na ang pamamahayag ay may mahalagang papel sa pagpapatatag ng demokratikong pagpapahalaga at pananagutan. Sinusuportahan din ito nina Martí-Danés et al. (2024) na nagsabing ang kredibilidad ng balita ay nakasalalay sa pagiging tumpak, patas, at mapagkakatiwalaan ng mga pinagmulan. Ipinapakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na kamalayan sa etikal na responsibilidad sa pagsusulat ng balita.

Dagdag pa rito, umaayon din ang resulta sa Kredo ng Pamamahayag ni William S. Maulsby na nagbibigay-diin na ang mamamahayag ay dapat magtaguyod ng katotohanan, katumpakan, at pagiging patas, at iwasan ang anumang uri ng panlilinlang o pagkiling sa pagbabalita. Binibigyang-halaga rin sa kanyang kredo ang pananagutan ng mamamahayag sa publiko, na nagsisilbing gabay sa etikal na pagsulat ng balita ng mga mag-aaral.

Ito ay tumutugma sa pamantayan ng National Schools Press Conference sa Artikulong Balita sa Ethics (10%), na nagbibigay-diin sa orihinalidad ng gawa, wastong pagsipi ng impormasyon, pagsunod sa pamantayan ng patas at balanseng pamamahayag, at pag-iwas sa plagiarism at libelous na nilalaman. Ang mataas na marka ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may integridad at pananagutang etikal sa kanilang pagsulat.

Makikita sa talahanayan sa ibaba ang kabuoang kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan sa mga pampublikong paaralan, batay sa isinagawang pagsusuri.

**Talahanayan 6**
**Ang Buod ng Antas ng Kalidad ng mga Artikulong Balita sa mga Pampaaralang Pahayagan sa mga Pampublikong Paaralan**

| Domeyn | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| A. Nilalaman | 4.48 | Mahusay |
| B. Organisasyon | 4.35 | Mahusay |
| C. Bokabolaryo | 4.54 | Napakahusay |
| D. Paggamit ng Wika | 4.55 | Napakahusay |
| E. Etikal na Pamantayan | 4.86 | Napakahusay |
| **Overall mean** | **4.56** | **Napakahusay** |

Leyenda:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.51 – 5.00 | Napakahusay | 1.51 – 2.50 | Mahina |
| 3.51 – 4.50 | Mahusay | 1.00 – 1.50 | Napakahina |
| 2.51 – 3.50 | Katamtaman | | |

Batay sa Talahanayan 6, makikita na ang kabuuang kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan ay nakapagtamo ng *Overall mean* na 4.56 na may deskripsyong Napakahusay. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan, ang mga balitang sinuri ay nakasusunod sa mataas na pamantayan ng pagsulat sa antas pampaaralan, partikular sa nilalaman, organisasyon, bokabulARyo, paggamit ng wika, at etikal na pamantayan. Gayunpaman, bagama't positibo ang pangkalahatang resulta, lumitaw pa rin sa mga komento ng tagasuri ang ilang aspekto na nangangailangan ng pagpapahusay, partikular sa kalinawan ng ideya at konseptuwal na pagkakabuo ng ilang artikulo.

Sa mga domeyn na sinuri, pinakamataas ang Etikal na Pamantayan na nagtamo ng *Mean* na 4.86 na may deskripsyong Napakahusay. Ipinapakita nito na ang mga artikulong balita ay may mataas na antas ng pagsunod sa mga pamantayang moral at propesyonal sa pamamahayag. Kabilang dito ang paggalang sa dignidad ng tao, pag-iwas sa mapanirang pahayag, at responsableng paglalahad ng impormasyon. Ang mataas na marka sa domeyn na ito ay sinusuportahan ng mga obserbasyon ng tagasuri na madalas magbigay ng positibong puna tulad ng *"VG"* o *"Very good"* at "*mahusay ang kabuuang balita,"* na nagpapakita ng pagkilala sa etikal na kalidad ng mga isinulat na artikulo.

Pumangalawa ang Paggamit ng Wika na may Mean na 4.55 na may deskripsyong Napakahusay, kasunod ang Bokabularyo na may Mean na 4.54 na may kaparehong deskripsyon. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may mahusay na kakayahan sa paggamit ng angkop na salita at wastong gramatika sa pagsulat ng balita. Naipapakita rin nito ang kakayahang gumamit ng pormal, malinaw, at naaangkop na wika sa konteksto ng pamamahayag. Gayunpaman, batay sa ilang puna ng tagasuri, may mga pagkakataong napansing "maligoy ang kabuuan ng mga ideya," na nagpapahiwatig na kahit maayos ang wika at bokabularyo, may ilang artikulo na nangangailangan pa ng paglinang sa pagiging tuwiran at organisado ng pagpapahayag.

Sumunod naman ang Nilalaman na may Mean na 4.48 at Organisasyon na may Mean na 4.35, kapwa may deskripsyong Mahusay. Ipinapakita nito na bagama't maayos ang pagtalakay sa paksa at ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya, mas mababa ang antas ng mga ito kumpara sa ibang domeyn. Ang ilang puna ng tagasuri tulad ng "hindi tama ang konsepto" at "maligoy ang kabuuan ng mga ideya" ay

nagpapakita na may mga artikulo na nangangailangan pa ng mas malinaw na pagbuo ng ideya at mas lohikal na daloy ng impormasyon. Ipinahihiwatig nito na ang organisasyon ng ideya at linaw ng konsepto ay mga aspekto na dapat higit pang pagtuunan ng pansin upang maiangat mula sa "Mahusay" tungo sa "Napakahusay."

Sa kabuuan, ang mataas na Overall mean na 4.56 at ang deskripsyong Napakahusay sa karamihan ng domeyn ay nagpapakita na ang mga artikulong balita ay may mataas na kalidad sa antas pampaaralan. Ang mga positibong komento ng tagasuri tulad ng "VG," "mahusay ang kabuuang balita," at "napakaayos" ay nagpapatunay ng kasiyahan sa kabuuang output ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang mga obserbasyon hinggil sa pagiging maligoy at hindi ganap na malinaw na konsepto ay mahalagang indikasyon na kinakailangan pa ring paigtingin ang kasanayan sa pagbuo ng organisado, tuwiran, at lohikal na mga ideya upang higit pang mapahusay ang kalidad ng mga artikulong balita sa hinaharap.

Sa kabuuan, ang datos ay nagpapakita na ang mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan sa Lalawigan ng Tarlac ay may mataas na kalidad, partikular sa etikal na pamantayan at paggamit ng wika, habang kinakailangan pang higit na paunlarin ang aspeto ng nilalaman at organisasyon upang makamit ang mas mataas na antas ng kahusayan.

Ang pangkalahatang resulta ng pag-aaral ay sinusuportahan ng mga literatura na nagpapakita ng kahalagahan ng pampaaralang pahayagan sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ayon kina Chavez et al. (2024), ang pagsasanay sa pampaaralang pahayagan ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa wika at pagsusulat. Gayundin, ipinakita ni Porque (2025) na ang pampaaralang pahayagan ay may malaking impluwensya sa akademikong kasanayan ng mga mag-aaral, partikular sa kritikal na pag-iisip at pagsulat. Ipinapakita rin ni Untalan (2019) na ang kalidad ng publikasyon ay nakadepende sa kakayahan ng manunulat at gabay ng tagapayo.

Sa kabuuan, ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa tatlong pangunahing pamantayan na mula sa Nationa Schools Press Conference; Form and Style (40%), Content (50%), at Ethics (10%)—na nagpapatunay na ang sistematikong pagsasanay at malinaw na pamantayan sa pagsulat ng balita ay epektibo sa paghubog ng kanilang kasanayan sa pamamahayag.

## ANG MGA KALAKASAN NG MGA ARTIKULONG BALITA BATAY SA ISINAGAWANG PAGSUSURI NG MGA EKSPERTO

Batay sa isinagawang pagsusuri ng mga eksperto sa limampung artikulong balita, lima ang nakakuha ng pinakamataas na antas ng kalidad. Mula sa mga artikulong ito, lumitaw ang mahahalagang tema na nagpapakita ng kahusayan ng mga manunulat sa larangan ng akademikong pamamahayag. Isinagawa ang pagsusuring ito gamit ang tematikong analisis upang matukoy ang magkakatulad na kalakasan ng mga artikulo batay sa limang aspekto ng pagsusuri: nilalaman, organisasyon, bokabularyo, paggamit ng wika, at etikal na pamantayan.

Ang limang artikulong may pinakamataas na mean ay ang "Ikawalong kampeonato sa Silawan Street Dance, nakamit ng CCAHS-PA" na may mean na 4.99, "Guidance Talks, Isang hakbang sa Pagsugpo ng Teenage Pregnancy," "CCAHS-PA, Ibinida ang PILIPINA SA INT'L FOLKLORE FESTIVAL," "Arciaga, napili bilang Field Reporter ng RO3 EduAkasyon Central Luzon," at "IncluTech on Wheels, Muling Isinagawa sa CCAHS" na kapwa nagtamo ng mean na 4.98.

Batay sa mga komento at puna ng mga tagasuri, nabuo ang mga pangunahing tema na nagsilbing batayan ng mataas na kalidad ng mga artikulong balita at nagpapatunay sa kakayahan ng mga manunulat

na makalikha ng malinaw, organisado, obhetibo, at makabuluhang balita na naaayon sa pamantayan ng akademikong pamamahayag.

**Malinaw, Napapanahon, at Makabuluhang Nilalaman**

Lumabas sa pagsusuri na isa sa pinakamahalagang kalakasan ng mga artikulo ay ang pagkakaroon ng malinaw, tiyak, at makabuluhang nilalaman. Ipinakita ng mga artikulo ang kakayahang maipabatid agad ang pangunahing impormasyon sa unang bahagi pa lamang ng balita. Ang paggamit ng mabisang pamatnubay at ang pagtutok sa mahahalagang detalye ay nakatulong upang maging pokus at organisado ang nilalaman ng bawat artikulo.

Ayon sa mga tagasuri, "malinaw at tuwiran ang pagkakalahad ng pangunahing impormasyon at agad nitong naipapabatid ang diwa ng balita," habang binigyang-diin din na "napili lamang ang mahahalagang detalye kaya naging pokus at organisado ang kabuuang nilalaman." Ipinakita rin sa ilang artikulo na naging makabuluhan ang mga paksa dahil tumatalakay ang mga ito sa mga napapanahong isyu at mahahalagang tagumpay ng paaralan at mga mag-aaral. Halimbawa, inilarawan ng mga tagasuri ang isang artikulo bilang "napapanahon at may malaking kaugnayan sa mga kabataan kaya't naging makabuluhan ang nilalaman ng balita."

Dagdag pa rito, napansin din ng mga tagasuri na ang mga artikulo ay nakapagbigay ng sapat at makatotohanang impormasyon na mahalaga sa pag-unawa ng mga mambabasa sa paksa. Hindi naging labis o kulang ang presentasyon ng datos sapagkat naipaloob lamang ang mga impormasyong may direktang kaugnayan sa pangunahing balita. Dahil dito, naging malinaw ang pokus ng bawat artikulo at naging episyente ang paghahatid ng mensahe sa mga mambabasa. Ayon pa sa isang tagasuri, "kapansin-pansin ang pagiging direkta ng balita sapagkat hindi ito nalilihis sa pangunahing paksa at nananatiling nakatuon sa mahahalagang detalye."

Makikita rin na ang mga artikulo ay nagpapakita ng kahusayan sa pagpili ng mga paksang may mataas na antas ng kabuluhan sa komunidad ng paaralan at sa mga mag-aaral. Ang pagtatalakay sa mga tagumpay, programa, at napapanahong isyung panlipunan ay nagbigay-halaga sa nilalaman ng mga balita at nagpalawak sa kamalayan ng mga mambabasa hinggil sa mahahalagang pangyayari sa kanilang kapaligiran. Ipinahihiwatig nito na ang mga manunulat ay may kakayahang tukuyin at bigyang-diin ang mga paksang may malaking epekto at interes sa target na mambabasa.

Higit pa rito, napatunayan sa pagsusuri na ang malinaw na nilalaman ay nakatulong upang maging kapani-paniwala at madaling maunawaan ang mga artikulo. Ang maayos na presentasyon ng impormasyon ay nagbigay-daan upang agad na makuha ng mga mambabasa ang pangunahing diwa ng balita nang hindi nangangailangan ng paulit-ulit na pagbasa. Dahil dito, naging mas epektibo ang komunikasyon sa pagitan ng manunulat at mambabasa, na isang mahalagang layunin ng pamamahayag.

Ipinapakita ng mga pahayag na ito na naging epektibo ang mga manunulat sa pagpili at paglalahad ng mahahalagang impormasyon na mahalaga sa mga mambabasa. Dahil dito, lumitaw bilang pangunahing tema ang pagkakaroon ng malinaw, napapanahon, at makabuluhang nilalaman bilang pundasyon ng mahusay at responsableng pagsulat ng balita.

**Lohikal at Sistematikong Organisasyon ng mga Ideya**

Isa pang mahalagang temang lumitaw ay ang mahusay na organisasyon ng mga detalye at ideya sa loob ng balita. Batay sa pagsusuri, ang mga artikulo ay malinaw na nakasunod sa prinsipyong nakabaligtad na tatsulok, kung saan inuunang inilalahad ang pinakamahalagang impormasyon bago ang mga

sumusuportang detalye. Dahil dito, naging malinaw ang direksiyon ng balita at madaling nasundan ng mga mambabasa ang kabuuang daloy ng impormasyon.

Ayon sa mga tagasuri, "ang pagkakaayos ng mga talata ay nagbigay-linaw sa daloy ng balita at nagpadali sa pag-unawa ng mambabasa," habang binanggit din na "lohikal at sistematiko ang pagkakaayos ng mga detalye na nagpalinaw sa daloy ng impormasyon." Dagdag pa rito, inilarawan ng ibang tagasuri na "mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya kaya madaling sundan at maunawaan ang kabuuang ulat."

Napansin din sa pagsusuri na ang bawat talata ay may malinaw na layunin at may kaugnayan sa pangunahing paksa ng balita. Hindi nalilihis ang presentasyon ng mga detalye at nananatiling nakatuon ang bawat bahagi sa pagpapalawak ng pangunahing impormasyon. Ang maayos na transisyon ng mga ideya mula sa isang talata patungo sa susunod ay nagbigay ng malinaw na koneksiyon sa pagitan ng mga impormasyon, dahilan upang maging organisado at episyente ang kabuuang presentasyon ng balita.

Bukod dito, napatunayan din na ang sistematikong organisasyon ng mga ideya ay nakatulong upang maging mas kapani-paniwala at propesyonal ang mga artikulo. Ang wastong pagsasaayos ng impormasyon ay nagpapakita ng kahandaan at kasanayan ng mga manunulat sa pagsulat ng balita. Ipinahihiwatig nito na nauunawaan ng mga manunulat ang kahalagahan ng estruktura sa epektibong paghahatid ng mensahe sa mga mambabasa. Ayon pa sa isang tagasuri, "ang maayos na pagkakahanay ng mga detalye ay nagbigay ng malinaw na direksiyon sa kabuuang balita at nagpapanatili ng interes ng mambabasa hanggang sa huling bahagi ng ulat."

Ipinapakita ng mga puna na naging maayos ang estruktura ng bawat artikulo, dahilan upang maging malinaw at madaling maunawaan ang daloy ng balita. Ang sistematikong presentasyon ng impormasyon ay nakatulong upang maging episyente ang paghahatid ng mensahe sa mga mambabasa. Dahil dito, lumitaw bilang pangunahing tema ang lohikal at organisadong paglalahad ng impormasyon bilang mahalagang sangkap ng mataas na kalidad ng pagsulat ng balita.

**Angkop, Pormal, at Obhetibong Bokabularyo**

Isa sa mga kapansin-pansing kalakasan ng mga artikulong balita ay ang maingat at wastong paggamit ng bokabularyo. Batay sa pagsusuri ng mga eksperto, lumitaw na ang mga manunulat ay gumagamit ng mga salitang malinaw, tiyak, at naaayon sa pormal na estilo ng akademikong pamamahayag. Dahil dito, naging mas maayos at kapani-paniwala ang kabuuang presentasyon ng mga balita.

Ayon sa mga tagasuri, *"ang mga salitang ginamit ay simple, tiyak, at hindi naglalaman ng anumang pagkiling o kontrobersyal na kahulugan."* Ipinahihiwatig nito na naging maingat ang mga manunulat sa pagpili ng mga terminolohiyang hindi makaaapekto sa pagiging patas at obhetibo ng balita. Sa halip na gumamit ng emosyonal o mapanghikayat na mga salita, pinili nilang gumamit ng mga pahayag na tuwiran at propesyonal upang mapanatili ang kredibilidad ng impormasyon.

Binigyang-diin din ng mga tagasuri na *"ang mga salitang ginamit ay simple ngunit epektibo sa pagpapahayag ng mensahe at iwas sa anumang kolokyal o di-angkop na pahayag."* Makikita rito na hindi kinakailangang gumamit ng malalalim o komplikadong salita upang maipakita ang mataas na kalidad ng pagsulat. Sa halip, naging mabisa ang paggamit ng simple ngunit eksaktong bokabularyo upang maging malinaw at madaling maunawaan ang nilalaman ng balita para sa mga mambabasa.

Lumabas din sa pagsusuri na ang paggamit ng pormal na bokabularyo ay nakatulong upang mapanatili ang propesyonalismo ng mga artikulo. Naiwasan ng mga manunulat ang paggamit ng impormal na pananalita, balbal na salita, at mga pahayag na maaaring magpakita ng personal na damdamin o opinyon. Dahil dito, naging mas obhetibo at balanseng nailahad ang impormasyon. Ayon pa sa isang tagasuri, "*ang bokabularyong ginamit ay naaayon sa akademikong pamamahayag at nakatulong upang maging malinaw at maayos ang paghahatid ng impormasyon.*"

Bukod dito, ipinakita rin ng mga artikulo na ang wastong pagpili ng mga salita ay naging mahalagang salik upang maging episyente ang komunikasyon sa pagitan ng manunulat at mambabasa. Ang paggamit ng malinaw at direktang bokabularyo ay nagbigay-daan upang agad maunawaan ng mga mambabasa ang pangunahing mensahe ng balita nang hindi nagdudulot ng kalituhan o maling interpretasyon. Dahil dito, naging mas epektibo ang paghahatid ng impormasyon at mas napanatili ang interes ng mga mambabasa sa kabuuan ng artikulo.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta ng pagsusuri na ang paggamit ng angkop, pormal, at obhetibong bokabularyo ay isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit nakamit ng mga artikulo ang mataas na antas ng kalidad. Ang pagiging maingat sa pagpili ng mga salita ay nagpapatunay sa kahusayan ng mga manunulat sa akademikong pamamahayag at sa kanilang kakayahang makalikha ng mga balitang malinaw, propesyonal, at kapani-paniwala.

**Mahusay at Wastong Paggamit ng Wika**

Isa rin sa pinakamatibay na temang lumitaw sa pagsusuri ay ang mataas na antas ng kasanayan sa paggamit ng wika. Ipinakita ng mga artikulo ang wastong paggamit ng gramatika, baybay, bantas, at estruktura ng pangungusap na naging dahilan upang maging malinaw at madaling maunawaan ang mga balita. Dahil dito, naging organisado at episyente ang paghahatid ng impormasyon sa mga mambabasa.

Ayon sa mga tagasuri, *"ang artikulo ay nagpapakita ng mahusay na kontrol sa gramatika at malinaw na daloy ng mga pangungusap na madaling maunawaan."* Binanggit din na *"malinaw at tama ang gramatikal na estruktura ng mga pangungusap na nagpadali sa pag-unawa ng mambabasa."*

Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ito na mahusay ang kakayahan ng mga manunulat sa paggamit ng wikang Filipino sa paraang akademiko at propesyonal. Ang wastong paggamit ng wika ay hindi lamang nagbigay-linaw sa mensahe kundi nagpatibay rin sa kalidad at kredibilidad ng mga artikulo. Makikita rin na naging maingat ang mga manunulat sa pagbuo ng mga pangungusap upang maiwasan ang kalituhan at maling interpretasyon ng impormasyon. Dahil dito, naging mas malinaw at sistematiko ang presentasyon ng mga detalye sa kabuuan ng balita.

Dagdag pa rito, napatunayan din sa pagsusuri na ang wastong paggamit ng wika ay nakatulong upang mapanatili ang pormalidad at propesyonalismo ng mga artikulo. Ang paggamit ng wastong gramatika at malinaw na estruktura ng pangungusap ay nagbigay ng positibong impresyon sa mga mambabasa at nagpatunay sa kahandaan ng mga manunulat sa larangan ng akademikong pamamahayag.

**Obhetibo, Responsable, at Etikal na Pamamahayag**

Pinakamahalaga sa lahat ng temang lumitaw ang pagpapakita ng obhetibo at responsableng pamamahayag, na siyang may pinakamataas na antas ng kalidad batay sa isinagawang pagsusuri ng mga eksperto. Batay sa resulta ng pagsusuri, ang aspektong etikal na pamantayan ang nakapagtala ng pinakamataas na marka sa limang aspekto ng pagsusuri, na nagpapakita na naging matagumpay ang mga manunulat sa pagpapanatili ng pagiging patas, tumpak, at walang pagkiling sa paglalahad ng impormasyon.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Ipinakita ng mga manunulat ang mataas na antas ng paggalang sa katotohanan at pagiging responsable sa paghahatid ng mga datos at pangyayari sa mga mambabasa.

Ayon sa isang tagasuri*, "ang balita ay nananatiling patas at nakabatay sa katotohanan, na nagpapakita ng responsableng pamamahayag."* Dagdag pa rito, sinabi rin na *"may malinaw na pagpapahalaga sa dignidad ng mga taong nabanggit at sa kredibilidad ng impormasyon."* Sa iba pang artikulo, binigyang-diin na *"patas at responsable ang presentasyon ng mga datos"* at *"makikita ang mataas na antas ng responsableng pamamahayag dahil sa patas at tumpak na paglalahad ng mga datos."*

Ipinapakita ng mga pahayag na ito na ang mga manunulat ay may kamalayan sa etikal na pananagutan ng isang mamamahayag. Naging maingat sila sa pagpili at beripikasyon ng mga impormasyong inilalahad upang matiyak na walang maling datos o mapanlinlang na pahayag na maaaring makasira sa kredibilidad ng balita. Makikita rin na iniwasan ng mga manunulat ang paggamit ng mga salitang may pagkiling o mga pahayag na maaaring magdulot ng diskriminasyon, paninirang-puri, o hindi patas na pagtingin sa mga taong sangkot sa balita.

Dagdag pa rito, lumabas din sa pagsusuri na pinanatili ng mga artikulo ang paggalang sa dignidad at karapatan ng mga taong nabanggit sa mga balita. Ang maingat at balanseng paglalahad ng impormasyon ay nagpapatunay na isinasaalang-alang ng mga manunulat ang mga pamantayang etikal sa pamamahayag. Dahil dito, naging mas kapani-paniwala at mapagkakatiwalaan ang mga artikulo sa pananaw ng mga mambabasa.

Makikita rin na ang pagiging obhetibo at responsable sa pagsulat ay nakatulong upang mapanatili ang integridad ng mga artikulo. Ang patas na presentasyon ng impormasyon ay nagbigay-daan upang makabuo ang mga mambabasa ng sariling pag-unawa batay sa epektibo ang mga artikulo bilang daluyan ng tama at mapanagutang impormasyon.

Ipinakikita ng pagsusuri na ang pagiging obhetibo, responsable, at etikal sa pamamahayag ay isa sa pinakamahalagang kalakasan ng mga artikulong balita at siyang may pinakamataas na antas ng kalidad sa lahat ng aspekto ng pagsusuri. Ang pagsunod sa mga pamantayang etikal sa pagsulat ay nagpapatunay sa kahusayan at propesyonalismo ng mga manunulat sa larangan ng akademikong pamamahayag.

Sa kabuuan, ipinakita ng tematikong pagsusuri na ang limang artikulong balita na nakakuha ng pinakamataas na marka ay nagtataglay ng magkakatulad na kalakasan sa limang aspekto ng pagsusuri. Lumitaw na ang kanilang mataas na kalidad ay bunga ng malinaw at makabuluhang nilalaman, maayos na organisasyon ng mga ideya, paggamit ng angkop at pormal na bokabularyo, wastong paggamit ng wika, at pagsunod sa etikal na pamantayan ng pamamahayag. Ang mga natukoy na tema ay nagpapatunay na ang mga manunulat ay may sapat na kasanayan sa akademikong pamamahayag at may kakayahang makalikha ng mga artikulong balitang nagbibigay ng malinaw, obhetibo, at kapani-paniwalang impormasyon sa mga mambabasa.

## ANG MUNGKAHING PLANONG GAWAIN AYON SA RESULTA NG PAG-AARAL

## TINTA'T TALAS

*Programang Pampagpapaunlad sa Kalidad ng Artikulong Balita*

### Kaligiran ng Planong Gawain

Ang pampaaralang pahayagan ay mahalagang daluyan ng impormasyon, opinyon, at kamalayang panlipunan sa loob ng paaralan. Ito ay nagsisilbing lunsaran ng paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

sa larangan ng pagsulat, kritikal na pag-iisip, at responsableng pamamahayag. Sa pamamagitan ng pagsulat ng artikulong balita, nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw, obhektibo, at organisadong pagpapahayag ng impormasyon alinsunod sa pamantayan ng pamamahayag.

Batay sa isinagawang pag-aaral hinggil sa kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan sa mga pampublikong paaralan, lumabas na nakapagtamo ang mga artikulo ng pangkalahatang deskripsyong *Napakahusay*. Gayunpaman, may ilang aspekto pa ring nangangailangan ng higit na pagpapaunlad, partikular sa nilalaman, organisasyon, paggamit ng transisyonal na salita, wastong estruktura ng balita, obhektibong bokabularyo, wastong paggamit ng bantas, at malinaw na pagkakalahad ng mga pahayag. Lumitaw din ang ilang suliranin tulad ng paggamit ng impormal na salita, kakulangan sa sistematikong pag-oorganisa ng ideya, at hindi ganap na pagsunod sa ilang teknikal at etikal na pamantayan sa pagsulat ng balita.

Kaugnay nito, binuo ang programang TINTA’T TALAS bilang isang komprehensibong programang pampagpapaunlad na naglalayong higit pang hasain ang kakayahan ng mga mag-aaral-manunulat sa pagsulat ng artikulong balita. Ang salitang “TINTA” ay sumasagisag sa malikhaing pagpapahayag at pamamahayag, samantalang ang “TALAS” ay kumakatawan sa katalinuhan, kahusayan, at kritikal na pag-iisip na kinakailangan sa responsableng pagsusulat ng balita.

Ang programang ito ay magsisilbing gabay sa pagpapaigting ng kasanayan ng mga campus journalist sa pamamagitan ng serye ng *seminar-workshop*, *writeshop, coaching, peer editing*, at iba pang gawaing pampagpapaunlad. Nakaangkla ito sa mga pamantayan ng National Schools Press Conference (NSPC), Campus Journalism Act of 1991, at iba pang prinsipyong gumagabay sa etikal at akademikong pamamahayag.

**Pangkalahatang Layunin**

Ang planong gawaing “TINTA’T TALAS: Planong Gawain sa Pagpapapaunlad ng Kalidad ng Artikulong Balita” ay naglalayong malinang at mapataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral-manunulat sa pagsulat ng artikulong balita batay sa pamantayan ng campus journalism at National Schools Press Conference (NSPC). Tinatarget nitong mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong pagbuo ng ulo at pamatnubay ng balita, organisasyon ng ideya, paggamit ng pormal at pamantayang wikang Filipino, wastong mekaniks at ortograpiya, at pagsunod sa etikal at obhektibong pamamahayag upang makalikha ng malinaw, organisado, makatotohanan, at dekalidad na artikulong balita.

**Estretahiya sa Planong Gawain**

Batay sa resulta ng pag-aaral, lumitaw na bagama’t nakapagtamo ng mataas na antas ng kalidad ang mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan, may ilang domeyn na nangangailangan pa ng higit na pagpapaunlad, partikular sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo, paggamit ng wika, at etikal na pamantayan. Kaugnay nito, inihanda ang sumusunod na planong gawain upang higit na mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral-manunulat at mapaigting ang kalidad ng pagsulat ng artikulong balita sa mga pampublikong paaralan.

**ANG PLANONG GAWAIN SA PAGPAHUSAY SA ANTAS NG KALIDAD NG ARTIKULONG BALITA**

| Gawain | Layunin | Estratehiya/Gawain | Kalahok | Petsa ng Implementasyon | Badyet | Kagamitan | Inaasahang Output |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **TINTA'T TALAS: Tumpak na Ulo, Tiyak na Balita** | Mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng malinaw, obhektibo, at wastong ulo ng balita. | Pagsasagawa ng seminar at palihan sa wastong pag-uulo ng balita gamit ang pamantayang S-V-O at paggamit ng angkop na salita. | Tagapayo, mamahayag at dalubhasang tagapagsalita | Hunyo 22–26, 2026 | ₱5,000 | Laptop, projector, halimbawa ng balita, handouts | Mas malinaw at tiyak na ulo ng balita sa mga susunod na publikasyon. |
| **TINTA'T TALAS: Pamatnubay na Kaakit-akit at Makabuluhan** | Malinang ang kakayahan ng mga manunulat sa pagbuo ng mabisang pamatnubay at wastong organisasyon ng detalye. | Workshop sa pagsulat ng pamatnubay at pagsasanay sa inverted pyramid style. | Tagapayo, mamahayag at dalubhasang tagapagsalita | Hunyo 29–Hulyo 3, 2026 | ₱4,000 | Activity sheets, sample news articles | Mga balitang may malinaw at kumpletong pamatnubay. |
| **TINTA'T TALAS: Ayos-Daloy ng Kaisipan** | Malinang ang kasanayan sa maayos at sistematikong pag-oorganisa ng impormasyon. | Peer editing at coaching session sa organisasyon ng balita at sequencing of ideas. | Tagapayo, mamahayag at dalubhasang tagapagsalita | Hulyo 6–10, 2026 | ₱3,000 | Editing guide, rubrics, sample outputs | Mas organisado at madaling maunawaang mga artikulo. |
| **TINTA'T TALAS: Dugtong Kaisipan, Linaw Impormasyon** | Mapahusay ang organisasyon at kohirensiya ng mga artikulong balita. | Pagsasagawa ng writeshop sa paggamit ng transisyonal na salita at pag-uugnay ng mga talata. | Tagapayo, mamahayag at dalubhasang tagapagsalita | Hulyo 13–17, 2026 | ₱3,500 | Diksyunaryo, learning materials, worksheets | Mas malinaw at lohikal na daloy ng impormasyon sa balita. |
| **TINTA'T TALAS: Pormal na Pananalita, Mabisang Pamamahayag** | Mahubog ang paggamit ng pormal at pamantayang wikang Filipino sa | Pagdaraos ng talakayan ukol sa wastong bokabularyo at pagsasanay sa pagsasalin ng mga | Tagapayo, mamahayag at dalubhasang tagapagsalita | Hulyo 20–24, 2026 | ₱4,500 | KWF Diksyunaryo, ortograpiyang Filipino, modules | Mas pormal at akademikong bokabularyo sa mga balita. |

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | pagsulat ng balita. | salitang Ingles sa Filipino. | | | | | |
| **TINTA'T TALAS: Baybay Wasto, Balitang Sigurado** | Mapabuti ang kasanayan sa wastong baybay at ortograpiya. | Regular na spelling drills, proofreading sessions, at paggamit ng KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat. | Tagapayo, mamahayag at dalubhasang tagapagsalita | Hulyo 27–31, 2026 | ₱2,500 | Diksyunaryo, spelling worksheets | Mas wastong paggamit ng ortograpiyang Filipino. |
| **TINTA'T TALAS: Bantas at Balanse sa Pagsulat** | Mapahusay ang paggamit ng wastong bantas at mekaniks sa pagsulat. | Pagsasanay sa mekaniks ng pagsulat kabilang ang pagbabantas at paggamit ng numero at panipi. | Tagapayo, mamahayag at dalubhasang tagapagsalita | Agosto 3–7, 2026 | ₱3,000 | Worksheets, editing exercises, modules | Mas malinaw at wastong pagkakalahad ng mga pahayag. |
| **TINTA'T TALAS: Linaw Pangungusap, Husay Pamamahayag** | Mapalinaw ang estruktura ng pangungusap at pagpapahayag ng ideya. | Sentence construction drills at editing workshop sa sintaks at gramatika. | Tagapayo, mamahayag at dalubhasang tagapagsalita | Agosto 10–14, 2026 | ₱3,500 | Balarila modyul, halimbawa ng mga pangungusap | Mas malinaw, tuwiran, at organisadong mga pangungusap sa balita. |
| **TINTA'T TALAS: Obhektibong Panulat, Mapanuring Mamamahayag** | Mapalakas ang pag-unawa sa obhektibong pagsulat ng balita. | Seminar sa etikal at obhektibong pamamahayag at fact-checking activities. | Tagapayo, mamahayag at dalubhasang tagapagsalita | Agosto 17–20, 2026 | ₱5,000 | Video presentations, ethical journalism guide | Nakapagsusulat na nang mahusay, malinaw, organisado, obhektibo, at pamantayang artikulong balita ang mga mag-aaral-manunulat. |

Ang mungkahing planong gawaing na ito ay binuo batay sa resulta ng isinagawang pagsusuri sa kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan sa mga pampublikong mataas na paaralan. Nabuo ang planong ito bilang tugon sa mga natukoy na kahinaan sa nilalaman, organisasyon, paggamit ng wika, bokabolaryo, mekaniks, at etikal na pamantayan sa pagsulat ng balita.

Nakatuon ang planong gawain sa sistematikong paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral-manunulat sa iba't ibang proseso ng pagsulat ng balita. Nagsisimula ito sa pagpapaunlad ng kaalaman sa wastong estruktura at anyo ng balita, pagbuo ng malinaw na ulo at pamatnubay, organisasyon ng mga detalye, at paggamit ng angkop na transisyonal na salita upang mapanatili ang malinaw na daloy ng impormasyon. Kasunod nito ang pagpapalalim sa paggamit ng pormal at pamantayang wikang Filipino, wastong baybay, pagbabantas, mekaniks, at estruktura ng pangungusap upang higit na maging malinaw, maayos, at akademiko ang pagsulat ng mga balita.

Isinama rin sa planong gawain ang mga seminar at pagsasanay hinggil sa etikal at obhektibong pamamahayag upang mahubog ang mga mag-aaral bilang responsable at mapanuring mamamahayag. Mahalaga ito upang maiwasan ang pagkakaroon ng personal na pananaw at mapanatili ang pagiging patas, makatotohanan, at balanse ng mga artikulong balita.

Ang bawat gawain ay may tiyak na layunin, estratehiya, kagamitang gagamitin, at inaasahang output upang matiyak ang organisado at epektibong implementasyon ng programa. Gumamit din ng iba't ibang gawaing pampagsasanay tulad ng seminar, writeshop, peer editing, coaching sessions, spelling drills, at editing workshop upang magkaroon ng aktuwal at makabuluhang pagkatuto ang mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang mungkahing planong gawaing TINTA'T TALAS ay inaasahang magsisilbing gabay sa higit na pagpapahusay ng kalidad ng mga artikulong balita sa mga pampaaralang pahayagan. Layunin nitong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw, organisado, obhektibo, at pamantayang pagsulat ng balita alinsunod sa mga itinakdang pamantayan ng campus journalism at National Schools Press Conference (NSPC).

## LAGOM NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito na pinamagatang "Pagsusuri ng mga Artikulong Balita sa mga Pampaaralang Pahayagan sa Lalawigan ng Tarlac" ay isinagawa gamit ang document analysis bilang disenyo ng pananaliksik upang sistematikong suriin ang mga artikulong balita mula sa mga pampaaralang pahayagan ng limang (5) pampublikong mataas na paaralan sa Lalawigan ng Tarlac mula taong 2022 hanggang 2026. Layunin nitong matukoy ang antas ng kalidad ng mga artikulo batay sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo, paggamit ng wika, at etikal na pamantayan sa pamamahayag.

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pormal na liham-pahintulot at sistematikong pagkuha ng mga artikulo mula sa mga nabanggit na paaralan. Ang mananaliksik, kasama ang dalawang eksperto, ay nagsilbing tagasuri upang matiyak ang balididi at pagiging maaasahan ng mga resulta ng pagsusuri.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang mean o karaniwang iskor upang mailarawan ang antas ng kalidad ng mga artikulo. Ang interpretasyon ng mean ay ibinatay sa itinakdang pamantayan ng pagtataya upang matukoy ang pangkalahatang pagganap sa bawat aspekto ng pagsusuri. Samantala, Ginamit ang tematikong analisis upang matukoy ang mga kalakasan ng limang artikulong balita na nakakuha ng pinakamataas na antas ng kalidad.

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nabuo ang planong gawaing pinamagatang "TINTA'T TALAS" bilang isang komprehensibong programang nakatuon sa pagpapataas ng kalidad ng pagsulat ng artikulong balita ng mga mag-aaral sa pampublikong mataas na paaralan.

## MGA NATUKLASAN

Batay sa isinagawang pagsusuri sa limampung (50) artikulong balita mula sa mga pampaaralang pahayagan ng limang pampublikong mataas na paaralan sa Lalawigan ng Tarlac, natukoy na ang kabuoang kalidad ng mga artikulo ay nasa antas na "Napakahusay" na may Overall mean na 4.56. Ipinakikita nito na sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral-manunulat ay may sapat na kasanayan sa pagsulat ng artikulong balita batay sa pamantayan ng campus journalism.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Natuklasan din na ang Etikal na Pamantayan ang may pinakamataas na marka na may mean na 4.86, kasunod ang Bokabolaryo na may mean na 4.55 at Paggamit ng Wika na may mean na 4.54. Ipinahihiwatig nito na ang mga artikulo ay nagpapakita ng pagiging makatotohanan, obhektibo, at responsable sa paghahatid ng impormasyon gayundin ng paggamit ng angkop at pormal na wikang Filipino.

Sa kabilang banda, bagama't mataas pa rin ang marka, ang Organisasyon ang nagtamo ng pinakamababang mean na 4.35. Lumitaw sa pagsusuri na may ilang artikulong nangangailangan pa ng higit na paglinang sa organisasyon ng ideya, wastong pagkakasunod-sunod ng detalye, at malinaw na pagbuo ng pamatnubay at ulo ng balita.

Natukoy din sa pag-aaral na ang mga artikulong may pinakamataas na marka ay yaong malinaw ang nilalaman, maayos ang daloy ng impormasyon, gumagamit ng angkop na bokabolaryo, at sumusunod sa mga pamantayang etikal ng pamamahayag. Kabilang dito ang mga artikulong "Ikawalong Kampeonato sa Silawan Street Dance, Nakamit ng CCAHS-PA" na nagtamo ng pinakamataas na mean na 4.99, at iba pang artikulong nakakuha ng mean na 4.98 at 4.97.

Samantala, bagama't nasa antas pa rin ng "Mahusay" ang ilang artikulo, natukoy ang mga kahinaan tulad ng di-angkop na salita, hindi malinaw na ulo ng balita, pag-uulit ng detalye, maling baybay, kakulangan sa organisasyon ng talata, at paggamit ng personal na pananaw, pati na rin ang ilang kamalian sa mekaniks, ortograpiya, at pamantayang teknikal gaya ng G., Gng., at Bb. Sa kabuuan, ipinakita ng resulta na mahalaga ang wastong gamit ng wika, pormal na bokabularyo, at etikal na presentasyon ng impormasyon, kaya kinakailangan ang patuloy na pagsasanay sa organisasyon ng ideya, mekaniks, at obhetibong pamamahayag upang higit pang mapataas ang kalidad ng pagsulat ng mga mag-aaral sa pampaaralang pahayagan.

Batay sa isinagawang pagsusuri ng mga eksperto sa limampung artikulong balita, natukoy ang limang artikulong nakakuha ng pinakamataas na antas ng kalidad. Mula sa tematikong analisis, lumitaw na ang mga ito ay nagtataglay ng magkakatulad na kalakasan sa limang aspekto ng pagsusuri: malinaw at makabuluhang nilalaman, lohikal at sistematikong organisasyon ng mga ideya, angkop at pormal na bokabularyo, wastong paggamit ng wika, at mataas na antas ng etikal na pamantayan. Ipinakita ng mga artikulo ang kakayahang maghatid ng malinaw, tuwiran, at napapanahong impormasyon na agad na naipapahayag ang pangunahing diwa ng balita, na sinusuportahan ng maayos na pagkakaayos ng mga detalye at epektibong estruktura ng pagsulat.

Bunga ng mga natuklasan, nabuo ang mungkahing planong gawaing "TINTA'T TALAS: Planong Gawain sa Pagpapapaunlad ng Kalidad ng Artikulong Balita" bilang tugon sa natukoy na mga kahinaan sa pagsulat ng balita. Layunin nito ang pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng ulo ng balita, organisasyon ng ideya, paggamit ng pormal at angkop na wikang Filipino, mekaniks ng pagsulat, at pagsunod sa etikal na pamantayan ng campus journalism. Sa pamamagitan ng mga seminar, writeshop, coaching session, at iba pang pagsasanay, inaasahang higit pang mapapataas ang kalidad ng mga artikulong balita at kahusayan ng mga mag-aaral sa pampaaralang pamamahayag.

## KONGKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang antas ng kalidad ng mga artikulong balita sa limang aspekto na kinabibilangan ng nilalaman, organisasyon, paggamit ng wika, bokabolaryo, at etikal na pamantayan ay nasa antas na "Napakahusay."

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Lumitaw sa tematikong analisis na magkakatulad ang kanilang kalakasan sa limang aspekto: malinaw at makabuluhang nilalaman, lohikal na organisasyon ng ideya, angkop na bokabularyo, wastong paggamit ng wika, at mataas na etikal na pamantayan.

Batay sa natukoy na mga kahinaan at pangangailangan ng mga mag-aaral-manunulat, nabuo ang mungkahing planong gawaing "TINTA'T TALAS: Planong Gawain sa Pagpapapaunlad ng Kalidad ng Artikulong Balita."

## REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod upang higit pang mapahusay ang kalidad ng mga artikulong balita at mapalalim ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pampaaralang pamamahayag:

1. **Pagpapatuloy at pagpapalawak ng mga pagsasanay sa pampaaralang pahayagan.** Inirerekomenda ang pagpapatuloy at pagpapalawak ng mga pagsasanay sa pampaaralang pahayagan sa pamamagitan ng *writeshop, seminar,* at *training-workshop* na nakatuon sa pagsulat ng balita, partikular sa ulo ng balita, organisasyon ng ideya, mekaniks, gramatika, bokabularyo, at ortograpiya. Kabilang din dito ang pagpapatibay ng pagsasanay sa lohikal na daloy ng ideya, mentoring at coaching, peer review, at kolaboratibong pagsulat, gayundin ang patuloy na oryentasyon sa etikal na pamamahayag at pagbuo ng istandardisadong pamantayan sa pagsusuri upang mapanatili ang sistematiko, malinaw, at patas na ebalwasyon ng mga artikulo.

2. **Pagpapahusay ng Kalidad ng Artikulong Balita sa Pamamagitan ng Mungkahing planong gawain.** Iminungkahi ang pagpapatupad at patuloy na pagpapalakas ng "TINTA'T TALAS: Planong Gawain sa Pagpapapaunlad ng Kalidad ng Artikulong Balita." Ang sistematikong gawaing ito ay inaasahang makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral at sa pagpapataas ng kalidad ng mga artikulong balita sa pampaaralang pamamahayag.

3. **Para sa mga Susunod na Mananaliksik:** Inirerekomenda ang pagsasagawa ng mas malawak na pag-aaral na maaaring sumaklaw sa iba't ibang antas ng edukasyon (elementarya, sekundarya, at tersiyarya) at iba't ibang rehiyon sa bansa. Maaari ring palawakin ang pokus ng pag-aaral hindi lamang sa pagsulat ng balita kundi pati sa buong proseso ng produksiyon ng pahayagang pangkampus tulad ng lathalain, editoryal, pangkalakasan at iba pang kategorya upang masuri nang mas komprehensibo ang kalidad ng pampaaralang pamamahayag sa Pilipinas.

## SANGGUNIAN

Abad-Dadayan, A. L. E. L. I. (2021, September). Campus journalism practices among state universities of Calabarzon. In *Proceedings of the BatStateU–IOER 1st World Research Conference Across Disciplines (WRCAD)* (Vol. 17, p. 19).

Appelman, A., & Schmierbach, M. (2018). Make no mistake? Exploring cognitive and perceptual effects of grammatical errors in news articles. *Journalism & Mass Communication Quarterly*, *95*(4), 930–947. https://doi.org/10.1177/1077699017743241

Asperga, S. S. (2017). *Law and practice: The state of campus journalism in select higher education institutions in Cebu City* [Unpublished manuscript]. Cebu Normal University.

Bachmann, P. (2022). Defining and measuring news media quality. *Journalism & Communication*, *27*(1), 9–37.

Bachmann, P., Eisenegger, M., & Ingenhoff, D. (2022). Defining and measuring news media quality: Comparing the content perspective and the audience perspective. *The International Journal of Press/Politics*, *27*(1), 9–37. https://doi.org/10.1177/19401612211012113

Bacea, J. H., & Gumanoy, A. M. (2025). News writing formula: Guiding voices of journalism coaches and student-writers. *Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields*, *1*(5), 819–828.

Beede, P., & Mulnix, M. W. (2017). Grammar, spelling error rates persist in digital news. *Newspaper Research Journal*, *38*(3), 316–327. https://doi.org/10.1177/0739524817725807

Bleyer, W. G. (1916). *Types of news writing*. Houghton Mifflin.

Bojic, L., Prodanovic, N., & Samala, A. D. (2024). *Maintaining journalistic integrity in the digital age: A comprehensive NLP framework for evaluating online news content*. arXiv. https://doi.org/10.48550/arXiv.2404.00000

Bowen, G. A. (2009). Document analysis as a qualitative research method. *Qualitative Research Journal*, *9*(2), 27–40. https://doi.org/10.3316/QRJ0902027

Brown, K., & Wilson, R. (2019). Navigating the media landscape: Challenges for young journalists. *Journalism Education*, *15*(1), 34–50.

Brown, R. (2015). *A new role for student media: College newspapers and the crisis in journalism*. Academic Press.

Cainong, M. (2024). Journalistic writing competence and management skills of school paper advisers. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, *19*(4), 1–11.

Calumaya, H., & Ambayon, C. M. (2025). Crafting champions: Unpacking the tales of award-winning campus journalism coaches. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, *40*(2), 298–314.

Castino, D. J. M. P., Pante, R. B., & Daguman, R. J. B. (2024). Establishing a special program for journalism at Spottswood National High School: A feasibility study. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, *8*(12), 514–536. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2024.812041

Chavez, J. V., Anuddin, F. O., Mansul, H., Hawari, A., Irilis, B., Umaron, A., Kaslani, F., Matugol, F., Siring, M., & Albani, S. E. (2024). Analyzing impacts of campus journalism on students' grammar

consciousness and confidence in writing engagements. *Environment and Social Psychology*, *9*(3), 1–15. https://doi.org/10.54517/esp.v9i3.2184

Corder, S. P. (1967). The significance of learners' errors. *International Review of Applied Linguistics in Language Teaching*, *5*(1–4), 161–170. https://doi.org/10.1515/iral.1967.5.1-4.161

Corder, S. P. (1974). Error analysis. In J. P. B. Allen & S. P. Corder (Eds.), *Techniques in applied linguistics* (pp. 122–154). Oxford University Press.

Dela Cruz, M. (2020). Assessing the news content of student publications in public secondary schools. *Philippine Journal of Educational Research*, *18*(2), 34–49.

Dela Cruz, M. (2021). *Campus journalism and ethical reporting in Philippine schools*. Phoenix Publishing House.

Department of Education. (1992). *DepEd Order No. 94, s. 1992: Implementing rules and regulations of Republic Act No. 7079 (Campus Journalism Act of 1991)*. https://www.deped.gov.ph/

Docallas, J. G. M. I. (2025). Beyond the byline: A study of campus journalism implementation, challenges, and opportunities. *Journal of Organizational Behavior Research, 10*(3), 111–124.

Donasco, M. J. (2025). Analysis of news and feature articles using Corder error analysis in the development of a systematic lesson, guide, and instruction in journalism (SAGIP). *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *5*(Special Issue), 11–20.

Espadero, G. (2022). Implementation of campus journalism in the division of Tandag City: Basis for intervention program. *International Journal of Research Publications*, *104*(1), 555–560. https://doi.org/10.47119/IJRP1001041720223541

Garcia, A. C. (2023). *Enhancing the mastery skills of pupil-journalists in basic news writing through (CEB) contextualized error–based worktext* [Unpublished master's thesis]. Graduate School Division.

Ibojo, D. T., & Rosario, B. X. (2024). Best practices of experienced school paper advisers on handling their roles and functions: A phenomenological study. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, *23*(8), 1–12.

Krippendorff, K. (2018). *Content analysis: An introduction to its methodology* (4th ed.). SAGE Publications.

Marbella, S. L. (2025). Factors affecting the competence of public elementary school paper advisers in Ligao City Division. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, *28*(2), 45–58.

Muhammed, I., Lawal, B. A., & Sanusi, Z. A. (2024). An analysis of online journalism practices, opportunities and challenges among Katsina State journalists. *Journal of Media and Communication Studies*, *16*(2), 22–34.

Oguan, R., & Del Valle, J. (2022). Grammatical and mechanical error analysis as tool in writing improvement program for student journalists. *International Journal of Educational Management and Development Studies*, *3*(4), 134–153. https://doi.org/10.53378/352943

Pacaldo, J. (2020). Developing journalistic writing skills through campus publications. *International Journal of Innovative Science and Research Technology*, *5*(8), 112–119.

Paguirigan, E., & Paguirigan, M. J. (2023). Schools press conference coaches: Their lived experiences. *Journal of Education and Innovation*, *25*(2), 1–16.

Porras, B. C., & Jajalla, J. B. (2024). Shaping young journalists: Exploring the lived experiences of school paper advisers. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation*, *4*(2), 102–115.

Porque, E. B. (2025). The impact of school newspapers on student development across diverse educational levels. *International Journal of Research Studies in Education*, *14*(3), 143–150. https://doi.org/10.5861/ijrse.2025.4011

Republic Act No. 7079. (1991). *An act providing for the development and promotion of campus journalism and for other purposes*. Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/1991/07/05/republic-act-no-7079/

Reyes, J. L. (2019). Campus journalism and its role in the development of student writers in the Philippines. *Philippine Journal of Educational Communication*, *15*(1), 55–70.

Santos, J., & Villanueva, K. (2021). Ebolusyon ng pamamahayag sa panahon ng digital media. *Philippine Journal of Communication*, *8*(2), 33–47.

Spottswood National High School. (2024). *Special program for journalism feasibility report* (Feasibility Study Report). Spottswood National High School.

Tasmim, S., & Atikuzzaman, M. (2025). Mitigating barriers to campus journalism: A comprehensive framework for collaboration between journalists and university authority. *Journalism Practice*, 1–19. https://doi.org/10.1080/17512786.2025.2304911

Untalan, C. M. (2019). *Performance of secondary school publications in Calapan City* [Unpublished doctoral dissertation]. School of Education.